**MISSION SPOTLIGHT**

**3rd Quarter 2024**

**Inter -American Division**

Isinalin sa Tagalog

Ni

*(Gng.) CLEMENCE B. ESPERANZA*

Minamahal na Lider ng Paaralang Sabado,

Itatampok ng kwarter na ito ang Inter- American Division, na siyang nangangasiwa ng gawain ng Iglesia ng Seventh-day Adventists sa 42 mga bansa at teritoryo sa karagatan ng Caribbean, Central America at sa Hilagang bahagi ng Timog America. Tahanan ng 305 milyong mga tao at 3.7 milyong Adventista ang rehiyon. Ang tumbasan ay isang Adventista sa bawat 82 mga tao.

May piniling anim na proyekto ang Inter-American Division sa Colombia, Costa Rica, Dominica at Mexico na tatatanggap ng Ikalabintatlong Sabadong Handog ngayong kwarter, Nagkaroon ako ng pribilihiyong dalawin ang mga lugar ng proyekto at pakinggan ang mga kuwento ng misyon doon. Masusumpungan mo ang ilang impormasyon tungkol sa mga proyekto sa ibaba ng bawat pahina at mga kuwentong may kaugnayan sa misyong inilathala sa Mission Quarterly. Dinalaw ko rin ang dalawang lugar ng mga nakaraang proyketo ng Ikalabintatlong Sabadong proyekto sa Costa Rica, Trinidad at Tobago. Tumulong sa Costa Rica ang inyong Ikalabintatlong Sabadong handog noong 2021 sa pagbubukas ng center of influence sa Central America Adventist University na magsasanay ng mga misyunero at magbibigay ng mga life-skills seminars sa mga at-risk children (nasa panganib na mga bata) at mga kabataan sa komunidad. Sa Trinidad at Tobago, nakita ko ang pagtatayo ng istrakturang magiging unang iglesia ng University of the Southern Caribbean, isang proyekto ng 2018 Ikalabintatlong Sabadong Handog. Tumanggap din ang unibersidad ng bahagi ng 2021 handog upang magbukas ng isang missionary training center. Narinig ko mismo ang kuwento ng kapangyarihang nagpapabago ng buhay habang kinapapanayam ang mga tao sa campus, masusumpungan ninyo ang dalawa sa mga kuwento sa pahina 12 at 14.

Mga Natatanging Pagtatampok

Kung nais mong maging buhay ang inyong Sabbath School class, nag-aalok kami ng mga larawan at ibang mga materyales upang samahan ang bawat kuwento ng misyong kuwento. Marami pang mga impormasyon ang nasa hulihan ng bawat kuwento. Para sa mga larawan ng turistang lugar at iba pang mga tanawin ng mga itinampok na mga bansa, subukan ang walang bayad na banko ng mga larawan tulad ng pixabay.com o unsplash.com. Maaari ninyong ipakita ang mga larawan sa inyong computer o mobile device habang inyong binabasa ang mga misyong kuwento, o maaari ninyong e-print ang mga larawan upang palamutian ang silid ng inyong Sabbath School o church bulletin board.

At karagdagan, maaari kayong mag-download ng PDF ng mga bagay-bagay at mga gawain mula sa Inter-American Division sa bit.ly/lad.2024. Sundan ninyo kami sa facebook, com/missionquarterlies. Maaari rin kayong mag-download ng PDF version ng Mission magazine sa bit.ly/adultmission./and *Mission Spotlight* videos sa bit.ly/missionspotlight.

Kung sakaling may nasumpungan kayong epektibong pamamaraan sa pagbabahagi ng misyong kuwento, maaari bang ipaalam sa amin sa mcchesneya@gc,advenist.org.

Salamat sa pagpapasigla o paghikayat sa ibang magkaroon ng kaisipang misyon!

Andrew McChesney – Editor

*Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza*

**Mga Pagkakataon**

Itataguyod ng Ikalabintatlong Sabadong Handog ngayong kwarter ang anim na proyekto sa Inter-American Division

- Center of influence for at-risk children, Buenaventura, Colombia
- Center of influence for at-risk children, Puerto Tejada, Colombia
- Center of influence for at-risk children, Limon province, Costa Rica
- Ebenezer Elementary School, Roseay, Dominica
- Center of influence to reach upper class, Xalapa, Mexico
- Center of influence to reach upper class, Oaxaca, Mexico

**Ang Sabbath at Pagtataksil** **- Dominica** **Hulyo 6**

- *Ursula Leslie*

*Itatampok ng misyong kuwento ngayong linggo ang Ebenezer Seventh-day Adventist Primary School sa Roseau, ang kabisera ng Dominica. Nagbukas ang paaralan noong 1976 na laging kasama sa talaan ng sampung nangunguna sa 62 elementaryang paaralan sa isla. Gayonpaman nagsisiksikan ang 160 mga bata sa paaralan na mula kindergarten hanggan sa ika-apat na grado. Mga ilang bloke ang layo, 40 na nasa ika-5 at ika-6 na grado ang nag-aaral sa pansamantalang silid-aralan sa kabilang gusali. Maraming magulang ang gustong magpaaral ng kanilang anak sa paaralan, subalit walang sapat na silid-aralan. Ang bahagi ng ikalabintatlong Sabadong Handog ay tutulong* sa pagtatayo ng isang bago at mas malaking paaralan.

***Kuwento ito ng dalawang estudyante.***

Mahusay na natapos ni Suzanne ang kindergarten sa Ebenezer Seventh-day Adventist Primary School. Ibinalik siya ng kanyang mga magulang sa paaralan para sa unang grado, ikalawa at ikatlong grado.

Subalit nang nasa ika-apat na grado na siya, tinawag ng kanyang ama ang principal. Hindi siya masaya.

"Mayroon akong problema," ang wika niya. Nang nakalipas na sanlinggo hiniling niyang maghugas ng pinggan ang kanyang 9-na taong gulang na si Suzanne, subalit tumanggi ito.

"Hindi ako maghuhugas ng pinggan dahil Sabbath ngayon." Ang wika niya.

Nabigla ang ama, at muli niyang inulit ang kanyang kahilingan nang walang kondisyon. Subalit muling tumanggi si Suzanne.

"Maghuhugas ako ng mga pinggan paglubog ng araw," ang wika niya. Ipinaliwanag niyang natutunan niya ang ika-apat na utos sa paaralan, na nagsasabi, "Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ... (Exodus 20:8-10). Nakita niya ang sarili bilang anak na babaeng nabanggit sa utos ng Dios. Ipinalagay niyang isang gawain ang paghuhugas ng mga pinggan, at gusto niyang ingatan ang Sabbath sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagtatrabaho.

Hindi nasiyahan ang Ama, at tinawag niya ang principal nang umaga ng Lunes upang magreklamo. "Hindi ko gusto na dalawa ang relihiyon sa ating tahanan," ang wika niya sa principal. "Hindi ko ipinadala siya sa Seventh-day Adventist school upang maging Adventista."

Dahil dito inilipat niya ang kanyang anak sa ibang paaralan.

---

Pumasok din sa Ebenezer Seventh-day Adventist Primary School bilang isang kindergarten si Jack. Subalit dumating siya sa kalagitnaan ng taon ng pag-aaral. Nagtuturo ng Sampung Utos ang guro sa mga bata nang pumasok si Jack at nakuha ang kanyang pansin sa ikapitong utos, na nagsasabi. "Huwag kang mangangalunya" (Exodus 20:14).

"May ilang taong nakatira sa iisang bahay na magkasama, at hindi sila ikinasal," ang wika ng guro. "Hindi ito ang paraang nararapat dahil sinabi ng Dios na kailangang magpakasal ang dalawa na magiging isang laman at

mabubuhay na magkasama.   Hindi sila dapat magsama kapag mag-boyfriend at girlfriend pa lang.  Kailangan nilang magpakasal."

Umuwi ng tahanan si Jack at nagtanong, "Mommy ikinasal ka ba kay Daddy?"

"Hindi," ang wika ng ina.

"Mommy nabubuhay ka sa kasalanan," ang wika ni Jack.  "Ang wika ng guro hindi ka dapat mabuhay sa kasalanan. Kailangan mong magpakasal."

Nagulat ang ina.   Hindi niya alam ang sasabihin.  Nagsimula siyang mag-isip na kailangan niyang  gumawa ng desisyon sa kanyang buhay.  At nagkaroon siya ng ideya.  "Jack," ang wika niya, "kapag dumating ang iyong Daddy, sabihin mo sa kanya ang parehas na sinabi mo sa akin.

Nang dumating ang ama, nagtanong si Jack, "Daddy ikinasal ka ba kay Mommy?"

Nagulat ang ama at nagwika, "Hindi, bakit mo itinanong?"

"Sa klase ngayong araw na ito, sinabi ng guro na hindi dapat nabubuhay na magkasama ang  lalaki at babae nang hindi ikinakasal," ang wika ni Jack.  "Daddy, nabubuhay ka sa kasalanan.  Dapat kang magpakasal."

Nagpasya ang ama na kausapin nang puso sa puso ang Ina.  Hindi natagalan nagpakasal ang dalawa.

Isinaysay ng Ina ang kuwento sa principal ng paaralan.  Ang wika niya ang mga salita ni Jack ang naghatid sa kanilang mag-asawang magpakasal.

Ang wika ng principal, na si Ursula Leslie, may misyon ang paaralan na ibahagi ang Biblia sa lahat ng mga bata. Kung ano ang magaganap sa susunod ay gawain ng Banal na Espiritu.

"Kung minsan tumututol ang mga magulang sa pasya ng mga estudyante kapag kanilang piniling sumunod kay Cristo, ang wika niya.  "Iyan ang isa sa mga hamong mayroon kami.  Gusto ng ilang mga estudyanteng magpabautismo. Subalit ang gusto ng mga magulang na matutunan lamang ng kanilang mga anak ay magandang pag-uugali at wala nang iba pa."

Subalit mayroon din namang nakakabagbag damdaming kuwento tungkol sa mga magulang na tinatanggap ang mga katotohanan ng Biblia na dala ng mga bata sa kanilang tahanan.  Tanging ang kawalang-hanggan ang magpapahayag ng bunga ng mga binhing itinamin sa mga puso ng mga bata at sa kanilang mga magulang.

Manalangin para sa Ebenezer Seventh-day Adventist Primary School, na mamunga  ang mga binhing itinanim. Salamat sa panukala ninyo para sa malaya at kusang-loob na handog sa Ikalabintatlong Sabado para sa paaralan.

Story Tips

• Ipakita sa mapa ang Dominica.  At pagkatapos ipakita ang Roseau, kabisera ng Dominica, kung saan ang Ikalabintatlong Sabadong Handog ay tutulong upang maitayo ang gusali ng elementarya.

• Panoorin ang maikling Youtube video ni principal Ursula Lesli:bit.ly.Ursula-IAD

• E-Download ang mga larawan ng kuwento mula sa Facebook bit.ly/fb-mg.

• Ibahagi ang Mission Posts at Fast  Facts mula sa Inter-American Division:bit.ly/iad-2024.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

- Inilalarawan ng misyong kuwento ang sumusunod na layunin ng Seventh-day Adventist Church's "I Will Go" strategic plan: Spiritual Growth Objective No 5. : To disciple individuals and families into Spirit-filled lives", Spiritual Growth Objective No. 6, "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview." For more information go to the website, IWillGo2020.org.

**Mission Post**

- Noong 1901, dalawang nag-iingat ng Sabbath mula sa Antigua ang naninirahan sa Dominica at nagtayo ng isang maliit na kompanya ng mga naniniwala sa Sabbath.
- Naramdaman ang presensya ng Iglesia ng Seventh-day Adventist sa buong Dominica. Mayroon 23 mga iglesia at 5 kompanya. 3 elementary school (Ebenezer SDA Primary , Western District SD Primary at Temple SDA Primary) at dalawang sekondaryang paaralan (Dominica Seventh-day Adventist Secondary School at Arthur Walden SDA Academy.

**Ginagawa ng Dios Ang Kanyang Bahagi. - Dominica Hulyo 13**

- *Roderick*

Ang kuwentong misyong ito'y tungkol kay Roderick, ang arkitekto ng isang bagong paaralang itatayo sa Isla ng Caribbean bansang Dominica sa tulong ng mga handog mula sa Ikalabintatlong Sabado ngayong kwarter. Nagpasimula ang kuwento noong 1984.

Isang mahalagang araw ito nang tumanggap ng scholarship si Roderick na mag-aral sa isang unibersidad sa Pransya.

Inihanda niya ang kanyang mga bagahe, nagpag-alam sa kanyang solong ina at dalawang kapatid na lalaki, at lumipat sa ibayong kalahati ng mundo mula sa kanyang tahanan sa Caribbean Island ng bansang Dominica.

Subalit samantalang maayos na nagpasimula sa kanyang mga klase sa France, naramdaman niyang parang may hindi magandang bagay. May nawawalang isang bagay.

Sinikap na punan ang kahungkagan, nagtungo siya sa simbahan nang sumunod na Linggo. Subalit hindi siya nasiyahan. Bumalik siya sa simbahan nang sumunod na Linggo, subalit ganoon pa rin hindi siya nasisiyahan. At bigla dumating sa kanya. Bagamat tinuruan siya ng inang sumamba sa araw ng Linggo, nakumbinsi ang kanyang puso na Sabado ang tunay na Sabbath.

Bago dumating sa France si Roderick nagustuhan na niya ang pagbabasa ng Biblia. Hindi siya nagbabasa ng Biblia upang makilala ang Dios. Nawiwili siya at kanyang mga kaibigan sa high school sa pagtalu-talo patungkol sa Biblia, at binasa niya ang Biblia upang manalo sa mga debate o pagtatalu-talo. Samantalang kanyang binabasa ang Biblia, nahikayat siyang itinangi ng Dios ang ikapitong araw ng sanlinggo bilang Sabbath. Subalit hindi niya kailaman isinagawa ang kaalamang ito.

Ngayon nasa France, nag-iisip si Roderik kung makakasumpong siya ng sinomang nag-iingat ng ikapitong araw na Sabbath. Naala-ala niyang nag-iingat ng Sabbath sa Dominaca ang mga Seventh-day Adventists at nagtanong siya sa kanyang kaklase kung may Adventista ring naninirahan sa France. Ipinakilala siya ng kanyang kaklase sa isang Adventista mula sa Dominica, at nagsimulang magtungo sa sambahan si Roderik kasama ang lalaki. Isang buwan lang ang nakaraan mula nang dumating si Roderick sa France.

Hindi sinabi ni Roderik sa kanyang ina o mga kapatid na nagtutungo siya sa iglesia ng Seventh-day Adventists. Subalit nag-aalala siya kung ano ang kanilang iisipin. Sasama ba ang loob ng kanyang Ina? Bababa ba ang pagtingin ng kanyang dalawang kapatid na lalaki sa kanya? Hindi niya kailangang maghintay nang matagal.

Dalawang buwang pagkaraang pasimulan niyang sumamba sa Sabbath, isang liham ang dumating sa koreo mula sa kanyang ina.

Binuksan ni Roderick ang sobre at inilabas ang liham. Isinulat ng kanyang Ina na siya at kanyang dalawang kapatid na lalaki'y nagsisimulang mag-aral ng Biblia sa patnubay ng mga Adventista sa Dominica.

Hindi mapaniwalaan ng kanyang mata ang nabasa. Hindi kaya tumatahak sa parehong landasin siya at ang kanyang pamilya patungo sa Dios bagamat nabubuhay silang malayo sa isa't isa?

Sumulat siya, "Pumupunta ako sa isang Seventh-day Adventist Church tuwing Sabbath."

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Nagulat nang gayon na lamang ang kanyang ina at mga kapatid nang kanilang matanggap ang kanyang liham.

Dalawang buwan ang lumipas, ang ina ni Roderick at mga kapatid na lalaki'y tinanggap sa kanilang puso si Jesus sa pamamagitan ng bautismo sa Dominica. Dalawang buwan pagkalipas nito, nagpabautismo si Roderick sa France.

Siyam na buwan pa lang naninirahan si Roderick sa France ay ganap nang nabago ang kanyang buhay. Sa parehas na pagkakataon ang buhay ng kanyang ina at mga kapatid ay ganap ding nabago sa Dominica. Tulad ng sinabi ni Pablo, "Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago." (2Corinthians 5:17)

Nang bumalik si Roderick sa Dominica para sa kanyang unang bakasyon nang sumunod na taon, sumamba siyang kasama ang kanyang ina at mga kapatid sa Seventh-day Adventist Church sa araw ng Sabbath. Pinuri ng pamilya ang Dios kung paano gumawa ang Dios sa kanilang buhay.

"Kinikilala naming ang Dios ang naghatid sa akin sa France sa parehas na panahon na Kanyang pinangungunahan ang aking pamilya sa Dominica," ang wika ni Roderick. "Kamangha-manghang makita ang kamay ng Dios na gumagawa. Hindi ko kailanman sinabi sa aking pamilyang nagtutungo ako sa sambahan sa araw ng Sabbath, subalit lumabas na kaming lahat ay naghahanap sa kalooban ng Dios. Gumagawa ang Dios sa mahiwagang pamamaraan.".

Salamat sa inyong masaganang pagpapanukala sa Ikalabintatlong Sabadong Handog sa darating na Setyembre 28 na tutulong sa Ebenezer Seventh-day Adventist Primary School na malipat sa mas malaki gusali sa Dominica. Si Roderick ang arkitekto sa gusali at kanyang ibinibigay ang kanyang serbisyo nang walang bayad. Inaaabangan niyang makita kung paano pagpapalain ng Dios ang proyekto. "Ang ating panahon ay hindi panahon ng Dios." Ang wika niya. "Ang inaasahan lang ng Dios sa atin ang ating katapatan. Kapag tapat tayo at masunurin, ginagawa ng Dios ang Kanyang bahagi."

**Story Tips**

- Ipakita sa mapa ang Dominica. At pagkatapos ipakita ang France kung saan nag-aral si Roderik at ang kabisera ng Dominica ang Roseau, kung saan ang Ikalabintatlong Sabadong Handog ay tutulong upang maitayo ang bagong gusali ng elementarya.
- Panoorin ang maikling Youtube video ni Roderick:bit.ly.Roderick-IAD
- E-Download ang mga larawan ng kuwento mula sa Facebook bit.ly/fb-mg.
- Ibahagi ang Mission Posts at Fast Facts mula sa Inter-American Division:bit.ly/iad-2024.
- Inilalarawan ng misyong kuwento ang Spiritual Growth Objective No 5. ng Seventh-day Adventist Church's "I Will Go" strategic plan : "To disciple individuals and families into Spirit-filled lives", The Thirteenth Sabbath project illustrates Spiritual Growth Objective No. 6, "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview." For more information go to the website, IWillGo2020.org.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

**Fast Facts**

- The indigenous population of what is now Dominica called the island Waity kubuli, which means "tall her body."
- Britain established a small colony in Dominica in 1805 and used it as part of trans-Atlantic Slave Trade until 1833, when Britain abolished the slave trade. Dominica remained a semi-independent colony until 1978, when the Commonwealth of Dominica was granted independence as republic.
- Dominica's name is pronounced with emphasis on the third syllable daa-muh-NEE-kuh.

**Pakikipaglaban/Pagsusumikap Para sa Pananampalataya - Dominica - Hulyo 20**

– *Zarrah*

Itinuturing ng dalawampung taong gulang na si Zarrah ang sarili bilang isang Seventh-day Adventists sa ngayon sa kanyang naaala-ala. Hindi siya lumaki sa Adventistang tahanan. Hindi siya pumasok sa Adventistang paaralan. Subalit ang kanyang tagapag-alaga'y isang Adventista at nagsimulang dalhin siya sa sambahan nang tatlong taong gulang pa lang siya.

Nagustuhan ni Zarrah ang pagtungo sa sambahan kasama ang tagapag-alaga kung saan tinawag niyang Auntie Freda. Sa sambahan, natutunan niya ang mga kuwento sa Biblia at naisaulo ang mga talata sa Biblia.

Kapag umuuwi siya, binibigkas niya ang mga talata sa Biblia sa kanyang ina. Walang natatandaan isa mang talata sa Biblia ang kanyang ina at nabighani siyang pakinggan ang pagbigkas ng batang babae ng nasa Biblia.

Hinikayat niyang magpatuloy si Zarrah sa pagtungo sa Adventistang iglesia. Subalit nang dumating sa edad na dapat nang pumasok sa paaralan, ipinatala ng Ina ang batang babae sa paaralang elementaryang pinatatakbo ng kanyang sariling iglesia. Ito ang panahon nang magpasimula ang gulo,

Agad napahinto si Zarrah sa pagsunod sa panuntunan ng paaralan tungkol sa pagbigkas ng mga panalanging kay Maria, ang ina ni Jesus. Nagulat ang principal ng paaralan. Subalit nang ipaliwanag ng kanyang Inang nagtutungo siya sa Adventistang Iglesia, hindi ipinilit ng principal na bigkasin niya ang panalangin. Sinabihan pa ng principal ang mga guro na huwag guluhin si Zarrah sa kanyang paniniwala.

Apat na taon ang lumipas. Subalit pinagalitan ng bagong guro si Zarrah nang makitang lahat ng mga bata maliban kanya'y bumibigkas ng panalangin sa isang programa ng paaralan.

"Bakit hindi mo ito ginagawa?" ang tanong niya sa 8-taong gulang na batang babae.

"Ako'y isang Seventh-day Adventist," ang wika ng batang babae. Walang pakialam ang guro sa kanyang dahilan.

"Patakaran ng paaralang bigkasin ang panalangin," ang wika niya. "Kailangang mong sumunod sa panuntunan ng paaralan."

Nagsimulang umiyak si Zarrah. Nang umuwi siya ng tahanan, sinabi niya sa kanyang ina ang tungkol sa pangyayari. Kaya nabalisa ang Ina. Tinawagan niya ang principal, at nang sumunod na araw dumating siya sa paaralan upang kausapin ito.

Ngayon, ang principal naman ang nabalisa, Tinawag ng principal ang guro at pinagsabihan ang guro nang mahigpit. Humintong pagalitan ng guro si Zarrah subalit humanap siya ng ibang paaran upang maging mahirap ang buhay ni Zarrah. Kapag nagtataas ng Kamay si Zarrah upang sumagot sa isang katanungan sa

klase, hindi siya pinapansin ng guro. Hindi kailanman tinatawag si Zarrah kahit siya na lang ang nagtaas ng kamay.

Masama ang naging pakiramdam ni Zarrah sa nangyayari at pag nakikita niya ang guro. Sinabi niya sa Ina ang mga nangyayari at nagpasya ang Inang ilipat siya ng paaralan sa isang Adventistang paaralan.

Subalit nang tumawag ang Ina sa Ebenezer Seventh-day Adventist Primary School, nalaman niyang wala ng lugar para sa bagong estudyante. Tumangging tanggapin ng Ina ang sagot na hindi na pwede wala nang lugar. Ipinaliwanag niya ang sitwasyon sa principal at tinanggap si Zarrah bilang bagong estudyante.

Bagamat walang isa mang kaibigan si Zarrah nang dumating siya sa paaralan, masaya siya. Maaari na siyang sumamba sa ngayon sa kaniyang paniniwala. Lumipas ang isang taon at ibinigay ni Zarrah ang kanyang puso kay Jesus sa bautismo sa paaralan. At pagkatapos ang kanyang ina at nakatatandang kapatid na babae'y nabautismuhan rin.

Ngayon, isa nang guro si Zarrah sa isang Adventistang paaralan. "Ang isa sa akin adhikain ay tumulong sa mga batang nakikipagpunyagi sa sitwasyon katulad ng sa akin," ang wika niya.

Sa tahanan, sinusunod din niya ang halimbawa ni Aunt Freda, Nagdadala siya ng isang 7-taong gulang batang babae na kapitbahay tuwing Sabbath at bumalik ang batang babae upang sabihin sa ina ang lahat na kanyang natutunan. Nabighani ang ina at gustong magpatuloy ang kanyang anak sa pagtungo sa sambahan kasama ni Zarrah.

Sinabi ni Zarrah ang kanyang karanasan ay isang katibayan ng katapatan ng Dios.

Ang aking testimonyang kapag tumayo ka para sa Dios, tatayo Siya para sa iyo," ang wika niya. "At mahalaga ring kilala mo si Jesus para sa iyong sarili. Gaano ka mang kaliit o bata, kapag tinawag ka ng Dios, huwag mong tanggihan ang panawagan. Ilagay mong una si Jesus."

Ang bahagi ng ikalabintatlong Sabadong Handog ngayong kwarter ay tutulong sa Ebnezer Seventh-day Adventist Primary School na lumipat sa bago, mas malaking gusali sa kabisera ng Dominica, sa Roseau. Ang paaralang punung-puno na nang naisin ng Inang ipatala si Zarrah, na nanatiling masikip at nangangailangan ng mas malaking pasilidad. Salamat sa inyong panukala para sa masagana at bukas-palad na handog na tutulong upang maging posible ito.

Story Tips

- Ipakita ang Dominica sa mapa. Pagkatapos ipakita ang kabisera ng Dominica, ang Roseau, kung saan ang Ikalabintatlong Sabadong Handog ay tutulong sa pagtatayo ng paaralang elementarya.
- Manood ng maikling YouTube video ni Zarrah:bit.ly/Zarrah-IAD.
- Magdownload ng mga larawan para sa kuwento ito mula sa Facebook.bit.ly/fb-mq.
- Ibahagi ang Mission Posts at Fast facts mula sa Inter-American Division bit.ly/iad-2024.
- Dapat malamang ang mission story ay naglalarawan ng sumusunod na layunin ng Seventh-day Adventist Church's "I Will go" strategic plan: Spiritual Growth Objective No 5. "To disciple individuals and families into Spirit-filled lives", The Thirteenth Sabbath project illustrates Spiritual Growth Objective No. 6, "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young

adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview." For more information go to the website, IWillGo2020.org.

Fast Facts

- Ang Dominica ay tahanan ng pinakamalaking katutubong populasyon sa East Caribbean. Nasa 3,000 Kalinago (tinatawag na "Caribs" ng mga kolonista) ang umangking kanilang tahanan ang Dominica.
- Ang pambansang simbolo ng Dominica ang kritikal na nanganganib na sisserou parrot (Amazon imprialis), at makikita sa kanilang pambansang watawat. Noong 2019, tinatayang nasa 50 matatandang indibidual ang lumisan ng kagubatan.
- Sa maraming taon umaasa ang mga ekonomiya ng Dominica sa pagluluwas ng mga saging, subalit kamakailan nagsimulang isulong ng pamahalaan ang bansa bilang destinasyon ng ecotourism.
- Ang cricket ang popular na sport sa Dominica, at ang isla'y sumasali sa paligsahan sa cricket bilang bahagi ng West Indies cricket team.

**Jerry ang Time Capsule** - **Dominica** - **Hulyo 27**

- *Antonia*

Sa unang araw ng pag-aaral, "tumayo si Teacher Antonia sa harapan ng kanyang ikatlong gradong klase, hawak ang kahon ng cookies na nababalutan ng makulay na papel: puti, kulay rosas, itim at abu.

Nagmamasid nang may kasabikan ang mga bata habang ipinapasa ng guro ang dilaw at berdeng mga piraso ng papel.

"Ito ay kapsula ng oras," ang wika ni Antonia habang itinuturo ang kahon.

Ginagalaw-galaw ang papel, idinagdag niya,"Sa inyong papel, isulat ang inyong pangalan at isang bagay na gusto ninyong ipanalangin ngayong yugto ng inyong pag-aaral."

At sinabi niyang ilalagay ang mga papel sa isang kahon, at ang kahon ay sesilyuhan. Sa katapusan ng taon ng pag-aaral, magkakaroon ng pagsasaya ang kalse upang buksan ang kahon upang malaman kung paano sinagot ng Dios ang kanilang mga panalangin.

Masiglang may kasabikan na isinulat ng mga bata ang kanilang kahilingang panalangin sa Ebenezer Seventh-day Adventist Primary School. Ang wika ni Antonia maglalagay din siya ng kahilingang panalangin sa kahon.

"Seryuso ito sa akin," ang wika niya. "Naniniwala akong kayang baguhin ng Dios ang aking buhay."

Pagkatapos na masilyuhan ang kapsula ng oras (time capsule. Nagtaas ng kamay ang isang batang lalaki,

"Maaari ba nating pangalanan ang time capsule?" ang tanong niyang may pananabik.

Nang tumango ang guro, ibinulalas niya, "Jerry, the time capsule!"

Lahat ng mga bata'y nagpalakpakan at nagkatuwaan. At pagkatapos ang batang lalaki'y nanalangin para sa kahon. "Salamat para kay Jerry," ang wika niya.

Ang time capsule ay narinig ni Antonia mula sa isang guro sa ibang Adventistang paaralan na ginamit sa pagtuturo nang ilang araw bago magpasimula ang pagbubukas ng bagong school year sa Dominica. Nagustuhan niya ang ideyang isama ang espiritual na leksyon sa sosyal na mga aktibidad na kadalasan nagmamarka sa unang araw ng pag-aaral sa Ebenezer Seventh-day Adventist Primary School.

Sa paglipas ng mga linggo at buwan, naghahalinlinan ang mga bata sa paghawak kay Jerry at nanalangin.

"Tulungan kaming maabot ang aming mga hangarin," ang panalangin ng isa. "Magkatotoo nawa ang aming mga hinahangad." Ang panalangin ng isa pa.

Kapag dumadalaw ang mga tao tulad ng school principal, pastors, at mga lider ng iglesia sa silid-aralan, hinihingi ng mga batang hawakan ang kahon at manalangin para sa kanilanng mga kahilingan.

Sa kalagitnaan ng taon ng pag-aaral, isang batang babae ang nagwagayway ng kamay sa hangin.

"Miss, miss, mayroon akong sasabihin" ang wika niya. Sabi niya sinagot ng Dios ang kanyang panalangin. Kanyang isinulat ito sa kapiraso ng papel na gusto niyang maging mas mahusay sa pagbabasa, at ngayon nga nakakabasa na siya nang buong husay.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

At pagkatapos, ilang bilang ng maliliit na mga kamay ang nagtaasan. Nagsasabi ang mga bata tungkol sa kanilang panalanging magkaroon ng matataas na grado at naganap nga ito.

Dalawang bata ang nagsabing nagkaroon sila ng panahong makasama ang kanilang amang nakatira sa ibayong isla.

Ang wika ng isang batang babaeng nanalangin siya para sa kapatid na lalaki o babae, at lumipat ang tiyahin niyang may anak malapit sa kanilang tahanan.

Nang matapos ang mga pagpupuri ng mga bata, iniyuko ni Antonia ang kanyang ulo at nanalangin ng pagpapasalamat. Sinambit niya ang Marcos 9:23. "Tulad ng sinabi ni Jesus, "Lahat ng bagay ay posible sa kanya na naniniwala," ang wika nia.

Ang bahagi ng ikalabintatlong Sabadong handog ngayong kwarter ay tutulong sa Ebenezer Seventh-day Adventist Primary School na lumago sa bago at mas malaking gusali. Ang paaralang nagbukas noong 1976, ay nagpapatuloy na kabilang sa talaan ng nangungunang paaralan sa 62 elementarayang paaralan sa Dominica. Subalit masikip ang gusali ng paaralan para sa 160 na mga bata mula sa kindergarten hanggan sa ika-apat na grado. Mga ilang bloke ang layo, mga 40 na bata sa ikalima at ika-anim na grado ang nag-aaral sa isang pansamantalang silid aralan na hiwalay na gusali. Maraming magulang pa ang naghahangad na ipadala ang kanilang mga anak sa paaralan subalit walang sapat na silid. Maraming salamat sa inyong plano para sa masagana at malayang handog sa Setyembre 28.

Story Tips

- Ipakita ang Dominica sa mapa. At pagkatapos ipakita ang kabisera ng Dominica ang Roseau, kung saan tutulong ang Ikalabintatlong handog na maitayo ang elementaryang paaralan.
- Manood ng maikling YouTube video ni Antonia bit.ly/Teacher-Antonia.
- Magdownload ng mga larawan para sa kuwentong ito mula sa Facebook bit.ly/fb-mq.
- Ibahagi ang Mission posts and Fast Facts mula sa Inter-American Division bit.ly/iad-2024.
- Dapat malaman na ang misyong kuwento'y naglalarawan ng sumsusunod na layunin ng Seventh-day Adventist Church's "I Will Go" strategic plan spiritual Growth Objective No.5. . "To disciple individuals and families into Spirit-filled lives", The Thirteenth Sabbath project illustrates Spiritual Growth Objective No. 6, "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview." For more information go to the website, IWillGo2020.org.

**Fast Facts**

- Ang Dominica ay nasa itinuturing na rehiyon ng buhawi at palaging tinatamaan ng mga buhawi o ipo-ipo.
- Ang Dominica ang huling pangunahing tirahan ng nanganganib na maubos na Lesser Antillean iguana
- Ang Dominica ay may aapat lamang na amphibians at isa sa pinakamalaki sa buong mundo, na tinatawag na mountain chicken, na matatagpuan lamang sa Dominica at Montserrat.
- Ang Boiling Lake ay isang bumabahang fumarole sa bunganga ng bulkan sa isla ng Dominica. Nasa 200-250 talampakan (60-75 metro) patawid mula sa kabila at ang ikalawang pinamalaking mainit na lawa sa buong mundo.
- Ang malaking mayorya ng Dominican ay mula sa lahing African.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

**Carjacked!** **- Trinidad at Tobago**. **- Agosto 3**

- *Beverly*

Habang palabas si Beverly sa kanyang kotse mga 11:30 ng gabi, may tumulak sa kanya. Itunulak siya mula sa upuan ng drayber papunta sa pasaherong upuan. Sa magkaalinsabay na oras may pumasok sa likurang upuan at itinutok ang baril sa kanyang leeg.

“Ngayon, may pupuntahan tayo,”. Ang wika ng lalaking nasa manibela. Iniatras niya ang kotse palayo sa bakuran ni Beverly sa Caribbean Isla ng Trinidad. At umalis ang tatlo nang may katahimikan.

At nagsalita si Beverly. “Papatayin ba ninyo ako?” ang tanong niya.

Kung hindi mo kami nakita, hindi ka papatayin,” ang wika ng drayber.

Nakita ni Beverly nakasuot ng hoodie ang drayber, Hindi na siya tumingin muli sa kanya.

“Alam mo bang kung gaano katagal ka naming sinusundan?” ang tanong ng drayber.

Hindi sumagot si Beverlyy. Dalawa at kalahating oras ang lumipas simula nang lisanin niya ang University of Southern Caribbean, isang institusyon ng Seventh-day Adventist kung saan siya nagtatrabaho at kaalinsabay na nag-aaral siya ng master’s degree sa psychology. Inihatid niya ang isang kaibigan sa unibersidad sa tahanan nito, at huminto muna sila upang kumain sa daan. Pagkatapos maihatid ang kaibigan, nagmaneho na siya pauwi sa sariling bahay.

“Sino ang babaeng iyong inihatid?” ang tanong ng drayber.

“Isang kaklase,” ang sagot ni Beverly.

Hinila ng lalaki sa likuran ang kamay ni Beverly at sinikap na kunin ang kanyang singsing sa kasal.

“Bitawan mo iyan,” ang wika ng drayber. Binitawan ng lalaki ang kamay ni Beverly.

Tinanong ng drayber kung may narinig siyang tungkol sa kamakailang serye ng pagpatay sa isla. Sinabi niyang isang kaibigan niya ang pinatay, ang nagpaplano siyang gamitin si Beverly upang gumanti.

“Maaari bang pababain mo na ko sa kotse?” pakiusap ni Beverly.

“Hindi, isasama ka namin,” ang wika niya.

Subalit makaraan ang ilang sandali parang nagbago ang kanyang isip.

“Mayroon ka bang maaaring tawagan?” ang wika niya.

“Ang aking asawa.” Ang tugon niya

“Tawagan mo siya at alamin mo kung mapupuntahan ka niya at sunduin.”

Samantala kinuha ng lalaki sa likuran ang pitaka ni Beverly. Binuksan niya ito, kinuha ang cellphone ni Beverly, at ibinigay sa kanya.

Tinawagan ni Beverly ang asawa, subalit walang sumasagot.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Sinunggaban ng lalaki sa likuran ang cellphone at nagpahayag ng pagdududang natawagan niya ang asawa. “Hindi pa nga niya naitala ang numero sa speed dial,” ang wika niya.

Nagpatuloy ang gabing pagmamaneho.

“Nakakaramdan ako ng takot,” ang wika ni Beverly, “Maaari ba akong magpapatugtog ng CD?

Subalit nang pindutin niya ang play, walang CD sa player, Hindi niya ito maunawaan kung bakit. Nang umagang iyon, nakinig siya ng musikang Kristiyano , habang nagmamaneho patungong universidad. Sumabay pa siya sa pag-awit na “Jesus, take the wheel.”

Ngayon nagtataka siya kung ang disc ay maaaring nahulog sa sahig. Kumapa siya sa ibaba at nasumpungan niya ang disc. “O Narito sa sahig,” ang wika niya. Payagan mo akong ilagay ito.”

At nagsimulang tumunog ang musika, hindi ito ang disc na gusto ni Beverly. Hindi niya alam kung saan nanggaling ang disc. May umawit ng Jehovah, I trust in You.”

Dumaing ang lalaki sa likuran. Para sa drayber lahat ay para sa kanyang layunin. Ang wika niya, “Papalitan natin ang iyong lisensyadong plaka at bukas matatagpuan ng pulis ang iyong kotse.”

Gusto niyang pakawalan si Beverly. Subalit hindi gusto ni Beverly na iwanan siyang walang pera sa kadiliman. Ng gabi. “Wala akong pera,” ang wika niya. “Paano ako makakauwi?

Sinabihan ng drayber ang kanyang kasama na bigyan ng pera si Beverly.

“Magkano? $20?’ ang wika ng kanyang partner.

“Mayroon akong $1,000 sa aking pitaka sa likuran,” ang wika ni Beverly.

Nang araw na iyon nagwithdraw siya mula sa kanyang ipon sa banko upang sa pag-uwi’y mamimili siya ng pangunahing pangangailangan. Natitiyak niyang nakita ng lalaki sa likuran ang pera at gusto niyang malaman ng drayber ang tungkol dito.

“Bigyan mo siya ng $100 ,” ang wika ng drayber.

Tinanggap ni Beverly ang pera, huminto ang kotse, at inutusan siyang lumabas. At binagtas niya ang kalsada at pumara ng taxi, na naghatid sa kanyang tahanan.

Sa mga araw na ito, hindi alam ni Beverly kung bakit pinahintulutan ng Dios ang teribleng pagsubok na ito. Subalit habang binabalikan ang nakaraang pangyayari, parang sinisikap ng Dios na kunin ang kanyang pansin, na nagsasabing, “Ipagkatiwala mo sa Akin ang iyong buhay.

Isang bagay, ang umaga bago ang carjacking, kanyang inawit ang, “Jesus, take the wheel.” Subalit kanyang ginugol ang buong maghapon tulad ng maraming mga araw. Hinahanap na kontrolin ang lahat ng detalye ng kanyang buhay nang walang tulong ang Dios.

Ito ang pangatlong pagkakataong nawalan siya ng sasakyan. Ang una, ninakaw ang kanyang kotse sa harapan ng kanyang bahay. Ang pangalawa, nasira ang kanyang kotse dahil sa aksidente.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Parang higit pa sa pagkakataong ang pagsakay pauwi ng tahanan sa pamamagitan ng taxi'y nagpapahayag ng mga katagang, "Ilang beses bang padadaanin kita sa parehas na bagay upang ipamalas sa iyo kung gaano kita minamahal"

Hindi na nakita ng pulis ang kotse ni Beverly. Gayonpaman hindi siya nagrereklamo. Ang wika niya ang carjacking ang naging hudyat ng pagbabago sa kanyang buhay. Ngayon nagpasya siyang magtiwala sa Dios sa lahat ng bahagi ng kanyang buhay. "Maraming tao ang nanakawan ng kotse ang pinatay," ang wika nya. "Hindi ko alam bakit nabubuhay pa ako. Bilang Kristiyano , kailangan nating magtiwala sa Dios sa lahat ng pagkakataon,"

Nagbibigay ang misyong kuwentong ito ng pagtanaw sa buhay sa Trinidad at sa Universidad ng Southern Caribbean, na siyang tumanggap ng bahagi ng Ikalabintatlong Sabadong Handog noong 2018 para sa pagtatayo ng sambahan sa unibersidad. Ang unibersidad kung saan nagtatrabaho si Beverly ngayon, ay tumanggap rin ng Ikalabintatlong Sabadong Handog noong 2021 para sa pagbubukas ng center of influence upang magsanay ng misyunero. Salamat sa inyong Ikalabintatlong Sabadong handog na tutulong na turuan ang mga taong magtiwala sa Dios sa Trinidad at sa buong mundo.

Story tips.

- Ipakita ang Trinidad at Tobago sa mapa.
- Panoorin ang maikling YouTube video ni Beverly bit.ly/Beverly-IAD
- Magdownload ng mga larawan para sa kuwentong ito, mula sa Facebook:bit.ly/fb-mq.
- Ibahagi ang Mission Posts and Fast Facts mula sa Inter-American Division:bit.ly/iad-2024

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

**"Kailangan Kita"** - **Trinidad at Tobago.** - **Agosto 10**

- *Faith*

Sa tahanan nag-iisa sa gabi, huminto ang 11 taong gulang na si Faith sa pagkakabit ng butones sa kanyang pampaaralang uniform. Dinampot niya ang isang matalas na gunting at dahan-dahang sinugatan ang kayang braso hanggang sa tumulo ang dugo. Gumaan ang kanyang ulo at naisip na baka himatayin siya.

Nagsimulang bumaba ang buhay ni Faith mga ilang buwan ang lumipas nang dumaan sa dagliang operasyon ang kanyang ina. Habang nagpapagaling sa hospital ang ina, naiwan ang batang babae sa tahanang mag-isa sa loob ng anim na buwan sa Isla ng Caribbean ng Trinidad.

Kadalasan, ang mga nakatatandang anak o kapitbahay ang tumutulong sa ganitong sitwasyon. Subalit walang kapatid na lalaki o babae si Faith. Walang kabatiran ang mga kapitbahay na nag-iisa siya sa tahanan at hindi niya naisipang sabihin ito sa kanila.

Ang kanyang ama, na namumuhay sa di-malamang lugar at hindi nasangkot sa kanyang buhay, dumadalaw minsan o dalawang beses sa isang linggo. "Kumusta ka?" ang tanong niya tuwing dumadalaw siya.

"Mabuti," ang lagi niyang tugon.

Kung minsan binibigyan siya ng pera at pagkatapos aalis na. Hindi sinasabi ni Faith ang tungkol sa kanyang buhay. Hindi niya naisip na nauunawaan niya ito.

Natutunang mag-isa ni Faith ang pagsasaing, at pagluluto ng sitaw. Kapag ubos na ito, nabubuhay siya sa tinapay, butter at keso na binili mula sa perang ibinigay ng ama at sa kakaunting perang naiwan ng ina sa tahanan. Tinuruan niya ang sariling magtahi upang marepair ang kanyang mga damit.

Sa araw, dumadalo siya sa paaralan para sa babae lamang. Naging tampulan siya ng bullying noon, at lumubha ang problema nang maospital ang ina. Tinutuya si Faith ng mga babae dahil sa kanyang bigat, hitsura at dunong. Sa simula, may kabaitang sinasagot ni Faith ito sa pag-asang maging kaibigan sila sa kalaunan. Subalit parang walang nababago. Ang kanyang pagpapahalaga sa sarili'y natunaw at nagsimulang kamuhian ang sarili.

Nagawa niya minsang dalawin ang Ina nang may nagpasakay sa kanya patungong hospital, na mga 30 minuto ang layo. Mukhang napakahina, maputla at walang kabuhay-buhay ang ina. Nang makita ni Faith ang ina napabulalas siya ng iyak. Gusto niyang sabihin sa ina ang tungkol sa pambu-bully, subalit hindi niya magawa.

Sa paaralan, lumala ang bullying. Isang araw, sinabi ng isang batang babae sa kanya, "Buti pa magpakamatay ka na lang at magsasaya ang lahat."

Pinaniwalaan ito ni Faith. Sa palagay niya karapat-dapat siyang insultuhin. Sa palagay niya hindi siya karapat-dapat na mahalin, maging kaibigan o ano pa mang kabutihan. Nagsimulang saktan niya ang sarili. Ginugutom niya ang sarili. Pinatubo niya nang mahaba ang mga kuko at kinakalmot ang kanyang katawan hanggan sa magdugo. At pagkatapos bumaling siya sa labaha, blade, kutsilyo at sa gunting. Gusto niyang maramdaman ang anomang bagay. Bumaba ang kanyang grades mula sa B's sa F's.

At dumating ang gabi nang pagpasya siyang magpatiwakal gamit ang gunting.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Habang nagsisimula siyang mahilo, nakarinig siya ng tinig mula sa kanyang ulo. Tinig ito ng Ina. Hindi niya narinig ito nang matagal na panahon.

“Kailangan kita,” ang wika ng tinig. “Kailangan kita nang higit kanino man. Kahit walang sinomang nangangailangan sa iyo.”

Sa sandaling iyon, nagpasya si Faith na itigil ang pagpapakamatay. Mabubuhay siya para sa Ina. Pinilit niya ang sariling bumangon at tinalian ang mga braso.

Nang sumunod na araw, napansin ng guro ang kanyang mga benda o tali at kinausap siya nang pribado.

“Okey ka ba? Ang tanong niya.

Nagsimulang umiyak si Faith at napasigaw. Lumabas ang lahat ng mga bagay-bagay na nabuo sa kanya kalooban sa nakaraang mga buwan. Nagsimulang umiyak ang guro.

“Kumakain ka na ba?” ang tanong niya.

“Hindi, Ginugutom ko ang sarili.”

“Natutulog ka ba?” “Hindi, Hindi ako makatulog na wala ang aking ina.”

Nang araw na iyon kinuha ng guro si Faith sa ilalim ng kanyang pangangalaga. Sa kanyang nagbabantay na mga mata, unti-unting nabawasan ang pagbu-bully sa kanya hanggan sa ganap na huminto.

At nakauwi na ang ina ng tahanan. Isa itong kahanga-hangang araw! Sinabi ni Faith sa ina ang lahat ng mga bagay-bagay. Habang nakikinig, nagsimulang umiyak ang Ina. Hinawakan ang kamay ni Faith, at nagwika, “Maaari bang ipangako mo sa aking hindi mo na sasaktan ang iyong sarili sa anomang kaparaanan? Ipangako mong hindi mo ilalayo ang iyong sarili sa akin. Kailangan kita at mahal na mahal kita”

Si Faith na lumuluha, ay nagwika, “Ipinangangako ko.”

Dahil sa kanyang mababang mga grado, kailangang ulitin ni Faith ang parehas na grado nang sumunod na taon. Sumama ang kanyang kalooban subalit wika ng Ina, para ito sa kanyang kabutihan. At iyon nga nangyari. Iniwan niya ang kanyang mga dating kaklase at napalibutan siya ng mga bagong kaklaseng nagmamahal at gumagalang sa kanya. Nagkaroon siya ng maraming mabubuting kaibigan.

Nagsimulang pumunta sa sambahan si Ina, at inanyayahan niya si Faith na sumama sa kanya. Hindi siya pumunta sa sambahan nang ilang mga taon, Hindi interesado si Faith nang una dahil ipinalagay niyang nakakainip ito. Subalit nang pumunta siya nawili siya sa awitan at sa choir. Kaya nagpatuloy siya sa pagpunta, at hindi na huminto. Kapwa ibinigay niya at kanyang ina ang kanilang puso kay Jesus sa bautismo.

Sa pagbabalik tanaw sa nakaraan, naniniwala siyang iniligtas ng Dios ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pagpapadala ng boses ng kanyang ina sa oras ng kanyang pangangailangan. “Hindi ko ito maipaliwanag,” ang wika niya. “Nag-iisa ako sa bahay, at alam ko narinig ko ang boses ng aking Ina mula sa kaloob-looban ng aking isipan. Ang hula ko siya ang taong kailangan ko sa lahat ng oras. Maaaring ang Banal na Espiritu ito. Batid Niya kung ano ang kailangan ko.”

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Sa mga kabataang nahaharap din sa bullying, ang wika niya, “Kung magkakaroon ako ng time machine at maaari akong bumalik sa edad na 11 taong gulang, sasabihin ko sa aking sarili, “Magiging okay ang iyong buhay. Lahat ay magiging mabuti. Makakatagpo ka ng maraming tunay na mabubuting taong magmamahal at magpapahalaga sa kung sino ka talaga. Ang iyong gagawin lamang ilagay na una ang Dios at magiging OK ka.”

Ang kuwentong misyong ito’y nagbibigay ng panloob na pananaw sa pamumuhay sa Trinidad at sa hamon sa misyon doon. Ang bahagi ng 2018 na Ikalabintatlong Sabadong handog ay natungo sa pagtatayo ng sambahan sa University ng Southern Caribbean, na matatagpuan malapit sa tahanan ni Faith. Natagpuan ng mga Adventist Mission si Faith at narinig ang kanyang kuwento sa unibersidad. Salamat sa inyong Ikalabintatlong Sabadong Handog ngayong kwarter na tutulong upang magdala ng pag-asa sa mga kabataan sa Inter-American Division.

Story Tips

- Ipakita ang Trinidad at Tobago sa mapa.
- Manood ng maikling YouTube Video ni Faith: bit.ly/Faith-IAD
- Download ng mga larawan para sa kuwentong ito mula sa Facebook: bit.ly/fb-mq.
- Ibahagi ang Mission Posts at Fast Facts mula sa Inter-American Division: bit.ly/iad-2024

Mission Post

The first specific positive response to Adventist teaching in Trinidad came through a copy of Ellen White’s book Patriarchs and prophets, which was purchased by a minister from another island and eventually came into the possession of an individual who became one of the first Sabbath-keepers on the island.

**"Bumalik Ka Sa Dios"** **-Columbia.** **- Agosto 17**

- *Wilinton*

Uminom ng alcohol o alak si Wilinton sa unang pagkakataon pagkatapos sumamba sa araw ng Sabbath sa Bogota, Colombia. 14 taong gulang siya at pinagbigyan ang pamimilit ng mga kaibigan.

Pagkatapos ng una niyang pag-inom, uminom na siya halos araw-araw nang sumunod n 24 taon. Umalis siya sa tahanan ng kanyang magulang nang 17 taon gulang. At lumipat sa kanyang kasintahan at namuhay kasama niya sa loob ng 21 taon. Nagkaroon sila ng dalawang anak na lalaki. Umiinom siya ng alak tuwing may pagkakataon. Dahil sa kanyang paglalasing, hindi siya makatagal sa isang trabaho.

Isang araw, isang kaibigan ng kanyang ama ang dumating sa kanyang bahay at natagpuan siyang lasing.

“Wilinton, kilala ko ang iyong ama,” ang wika ng kaibigan, na Jaime ang pangalan, “Maaari kang bumalik sa Dios.”

“Isa ka bang Adventista?” ang tanong ni Wilinton, na gumagaralgal ang pananalita.

“Oo, Isa akong Adventista,” ang wika ni Jaime.

“Kung Adventista ka, awitin mo sa akin ang Hymn No. 50,” ang wika ni Wilinton. Ang hymn ay “Far Beyond the Sun.”

Inawit ni Jaime ang hymno at umiyak si Wilinton. Nang matapos ang awit, binigkas ni Wilinton ang kanyang paboritong talata sa Biblia. Ito ang Juan 3:16.

Ang araw na iyon ang tanda ng pagpapasimula ng isang bagong pakikipagkaibigan.

Sa loob ng sumunod na tatlong taon, nagpatuloy sa pagdalaw si Jaime kay Wilinton at sinasabi sa kanya, “Bumalik ka na sa Dios.”

Laging pareho ang sagot ni Wilinton. “Oo, ang wika niya. “Huwag kang mag-alala, babalik ako.” Subalit hindi niya ginagawa.

Nag-alok ng pag-aaral ng Biblia si Jaime, subalit hindi interesado si Wilinton. Gusto niya si Jaime, subalit hindi niya gustong gumugol ng panahon sa Dios.

Patuloy, ipinagtatanggol niya ang Seventh-day Sabbath sa kanyang asawa at dalawang anak na lalaki, na pumupunta sa sambahan sa araw ng Linggo.

“Hindi ninyo kailangan pumunta sa sambahan,” ang wika niya. Nagsasayang kayo ng panahon. Kung gusto ninyong gugulin ang inyong oras nang may katalinuhan, kailangan ninyong pumunta sa iglesia ng Seventh-day Adventist.”

Habang nagpapatuloy sa paglalasing si Wilinton na walang matatag na hanapbuhay, nabaon siya sa malaking pagkakautang.

Isang gabi’y dumating si Jaime sa bahay ni Wilinton na may kasamang Adventistang pastor at ilang bilang ng kaanib ng iglesia. Nakabukas ang harapang pintuan, pumasok sila sa bahay bago nalaman ni Wilinton.

Nagbigay ng limang minutong sermon ang pastor, subalit hindi narinig ni Wilinton ang pagsasalita ng pastor. Naramdaman niyang nakikinig siya sa boses ng Banal na Espiritu. Nahipo ng sermon ang kanyang puso.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

At pagkatapos inanyayahan siya ni Jamie sa ebanghelyong pagpupulong na kasisimula pa lang sa Adventistang Iglesia.

“Hiniling sa akin ng iyong Inang sabihin ito sa iyo, “Lumapit ka sa Dios,” ang wika niya. At lumisan ang mga bisita, nagpasya si Wilinton na manatili sa tahanan kasama ang kanyang pamilya.

At pagkaraan lumapit sa kanya ang kanyang 12-taong gulang na anak na lalaki. “Ama, sinabi mo sa aking ang Seventh-day Adventist Church ang tunay na iglesia,” ang wika niya. “Maaari bang dalhin mo ako sa iglesiang iyan.”

Nawasak ang puso ni Wilinton ng mga salita. Nagpasya siyang dalhin ang kanyang pamilya sa ebanghelyong pagpupulong sa Adventistang Iglesia.

Gumulat kay Wilinton ang paglalahad ng gabing iyon. Palagay niya patungkol ito sa kanya. “Paano nalaman ng pastor na ito ang marami tungkol sa akin?” At nagsimula siyang tumangis. Naisip niya ang tungkol sa kanyang pagiging alkoholik at kanyang mga utang. Mabigat niyang pinapasan ang kanyang makasalanang buhay.

Nang manawagan ang pastor , ang wika ni Wilinton sa sarili, “Hindi ako makakapunta sa harapan. Pag-alis ko, pupunta ako sa bar upang maglasing.”

Nagpasya siyang hindi pumunta sa harapan. Subalit bago niya napagtanto, nakatayo na siya sa harapan kasama ng 17 tao.

Nanalangin siya nang tahimik, “Dios ko, hindi ako maaaring nandito, Alam mong ako’y iinom ng alak ngayong gabi.”

Pagkatapos ng pagpupulong, pumunta siya sa bar. Habang umiinom, binulay-bulay niya ang sermon, Naramdaman niyang may kakaiba sa kanyang kalooban.

Tatlong linggo ang lumipas, at nagpatuloy siya sa paglalasing. Tuwing malalasing siya, nararamdaman niya ang Banal na Espiritu na nagsasabing, “Tutulungan kitang huminto sa paglalasing kung magkakaroon ka ng matatag na pagpapasyang huminto.”

Nang ika-apat na linggo, sinabi niya sa sarili, “Hindi ko na kayang magpatuloy sa ganitong gawain, kailangan kong gumawa ng pagpapasya, alin man sa dalawa para sa Dios o para sa alcohol.
Sa katapusan ng sanlinggo, gabi ng Sabado, pinili niya ang Dios. Nanalanging siya, “Oh Dios ko, hindi ko na gustong uminom ng alak,” Kinaumagahan, nanalangin siyang muli, nagwikang “ O Dios ko , tulungang mo ako ngayong araw na ito, paisa-isa sa isang araw, na huminto sa pag-inom”

Sa kanyang pagkagulat, hindi siya uminom ng alak sa buong araw na iyon. Ito ang unang araw ng tagumpay simula nang nagsimula siyang uminom ng alak sa edad na 14. Sa isip niya nang may pagkagulat, “Akala ko hindi ko kailanman magagawang huminto sa pag-inom ng alcohol, subalit tinulungan ako ng Dios.”

Nang marinig ni Jaime ang balita, nagalak siya. Babalik na si Wilinton sa Dios.

Ang kuwentong misyong ito’y nagbibigay ng panloob na pananaw sa buhay sa Colombia at sa pangmisyon hamon doon. Ang bahagi ng ikalabintatlong Sabadong Handog ngayong kwarter ay tutulong sa pagbubukas ng dalawang center of influence upang tumulong sa mga batang nanganganib sa alcohol at pag-abuso sa droga sa Colombia. Ang sentro ng impluensya ay itatayo sa mga syudad ng Buenaventura at Puerto Tejada. Salamat sa inyong panukalang masanagang handog sa Setyembre 28.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Story Tips

- Ipakita ang Colombia sa mapa. Pagkatapos ipakita ang Bogota, kung saan nakatira si Wilinton, at ang syudad ng Buenaventura at Puerto Tejada, kung sang tutulong ang Ikalabintatlong Sabadong Handog sa pagbubukas ng Centers of Influence para sa mga nanganganib ng mga bata.
- Bigkasin ang Wilinton bilang WILL-ing ton.
- Bigkasin ang Jaime bilang hi-MEE
- Panoorin ang maikling YouTube video ni Wilinton bit.ly/Wilinton-IAD
- Basahin ang iba pa tungkol kay Wilinton sa susunod na linggo.
- Mag-download ng mga larawan para sa kuwentong ito mula sa Facebook: bit.ly/fb-mq/
- Ibahagi ang Mission Posts at Fast Facts mula sa Inter-American Division bit.ly?iad-2024.
- Dapat malamang inilalarawan ng misyong kuwento ang Spiritual Growth Objective No. 5. ng Seventh-day Adventist Church's "I Will Go" strategic plan, "To disciple individuals and families into Spirit-filled lives", the Evangelistic meeting illustrate Mission Objective No. 2 "To strengthen and diversify Adventist outreach in large cities, across the 10/40 Window, among unreached and under-reached -people groups and to non-Christian religions" and the Thirteen Sabbath projects illustrate Spiritual Growth Objective No. 6 "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview." For more information go to the website, IWillGo2020.org.

**Sa Mga Yapak Ni Pablo - Colombia - Agosto 24**

- *Wilinton*

Nagsimulang magbago ang buhay ni Wilinton nang huminto siya sa pag-iinom ng alcohol sa Bogota, Colombia. Nagkaroon siya ng trabaho, nagsimulang bayaran ang kanyang mga utang at pinakasalan niya ang kanyang asawang walang basbas ng kasal.

At nagpasya sina Wilinton, kanyang asawa at kanilang 12-taong gulang na lalaking anak na ibigay ang kanilang mga puso sa Dios sa pamamagitan ng bautismo.

Isang araw bago ang bautismo ni Wilinton, isang kaibigang Adventistang Seventh-day ang humula na may malaking plano ang Dios para sa kanya. "Ikaw ang susunod na apostol Pablo", ang wika ng kaibigan si Jaime. "Tutulungan mo ang maraming tao."

Hindi kailangan ni Wilinton ang mahabang panahon upang matupad ang panawagan ng Dios na tulungang ang mga alipin ng alcohol.

Isang buwan pagkaraan ng kanyang bautismo, habang naglalakad patungong sambahan, umaga ng Sabbath, naramdaman niya ang boses na nagsasabi, "Huminto ka riyan mismo."

Huminto siya, Tumingin sa itaas, at nakita sa kalye ng syudad ang hanay ng mga bar kung saan siya umiinom ng alak.

Ang wika ng boses, "Iyong tutulungan ang mga taong ito. Naglasing ka, at ngayon tutulungan mo ang taong naglalasing. Bibigyan kita ng pagkakataon, at tutulungan kitang huwag bumalik sa dati."

Sa sambahan, hinanap ni Wilinton si Jaime. "Mayroon akong ideya," ang wika niya.

"Mayroon din akong ideya," ang wika ni Jaime, "Sabihin mo muna sa akin ang iyong ideya."

"Sa palagay ko sinasabi sa akin ng Dios na maging liwanag sa mga nasa loob ng bar kung saan tanging kadiliman lamang ang naroroon." Ang wika ni Wilinton.

Parang higit pa sa pinagtiyap ng pagkakataon. Ang dalawang lalaki'y nagkasundong tinatawagan ng Banal na Espiritu si Wilinton na tulungan ang mga nalululong sa alcohol.

Nang sumunod na mga linggo, inanyayahan ni Wilinton ang mga tao sa bar na pumunta sa kanyang tahanan upang mag-aral ng Biblia. Labing-isang tao ang dumating para sa unang pag-aaral ng Biblia hapon ng Sabbath.

Sa paglipas ng ilang linggo, lumaking masyado ang grupo para magpulong sa kanyang tahanan. Umupa ng mas malaking bahay si Wilinton. Nang mas lumaki ang grupo para sa inuupuhang bahay, lumipat siya sa isang bulwagan. Nabautismuhan ang mga tao, at nagpatuloy sa paglago ang grupo.

Sa wakas, nagpasya si Wilinton na kailangan ng grupo ng sarili nitong lugar. Naghanap siya ng isang gusaling mabibili subalit lahat ng mga gusali'y napakamahal. Habang nanalangin, naramdaman niyang dapat siyang dumalaw sa bar na madalas niyang pinupuntahan nang edad 16 palang siya. Parang imposible, subalit kung mabibili ang bar, maaari itong baguhin at magiging bulwagan ng pagpupulong.

Nanalangin siya, "Oh Dios, gusto po ba Ninyo talagang gumawa ako para sa Inyo sa isang bar?"

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Hinanap ni Wilinton ang may-ari ng bar at nalamang ipinagbibili ang gusali. Agad-agad nakilala ng may-ari si Wilinton, at nagulat siya nang makita siyang matino. “Ikaw ba iyan talaga?” ang tanong niya.

“Oo, ako nga ito.” Ang wika ni Wilinton.

“Naala-ala mo bang madalas kang pumunta rito upang uminom sa lahat ng pagkakataon?” ang wika niya. Hindi ako makapaniwalang nabago na ang iyong buhay.”

Sinabi niya ang halaga ng gusali. Walang ganoong kalaking halaga si Wilinton. Sinabi niya sa ibang kaanib ng iglesia ang tungkol sa gusali, subalit wala rin silang ganoong pundo.

Hindi nawalan ng pag-asa si Wilinton, “Ang plano ng Dios ay perpekto,” ang wika ko sa kanila. “Huwag kayong mabahala. Magiging atin ang gusaling ito.”

Siya at mga kaanib ng iglesia’y nagsimulang manalangin at lumikom ng pundo. Pagkalipas ng isang taon nabili nila ang bar at ginawa itong isang Adventistang iglesia at sentro ng impluwensya.

Ngayon, 50 tao ang sumasamba sa sambahan tuwing Sabbath. Sa loob ng sanlinggo, ang center of influence ay nag-aalok ng kakayahang pagkabuhayang mga klase at programa para mapatigil ang pag-inom ng alak.

Si Wilinton, na isang matanda sa Iglesia at deputy director ng center of influence, at sa pamamagitan ng kanyang maliit na grupo, ipinagkaloob ng 15 taong dating maglalasing ang puso kay Jesus at nabautismuhan. At karagdagan, 85 na tao ang nabautismuhan sa pamamagitan ng bagong iglesia at center of influence sa loob ng tatlong taong nakalipas.

“Ngayon gumagawa ako para kay Jesus at hinahanap ang mga nawawala,” ang wika ni Wilinton. “Nagpasya akong maging tulad ni Pablo, laging ibinabahagi ang ebanghelyo at hinihingi sa Dios ang Kanyang kapangyarihan na mapangunahan ang mga tao patungo sa Kanya.”

At dagdag niya, “Sakdal ang panukala ng Dios, at hindi kailanman magbabago.”

Ang misyong kuwentong ito’y nagbibigay sa atin ng panloob na pananaw sa pamumuhay sa Colombia at mga hamon ng misyon. Ang bahagi ng Ikalabintatlong Sabadong Handog ngayong kwarter ay tutulong sa pagbubukas ng dalawang centers of influence na tutulong sa mga batang nanganganib sa alcohol at sa droga sa Colombia. Itatayo ang center of influence sa mga syudad ng Buenaventura at Puerto Tejada. Salamat sa inyong panukala para sa masagang handog ngayong Setyembre 28.

Story tips

- Ipakita sa mapa ang Colombia. At pagkatapos ipakita ang Bogota kung saan nakatira si Wilinton at ang syudad ng Buenaventura at Puerto Tejada kung saan ang Ikalabintatlong Sabadong Handog ay tutulong sa Center of Influence para sa mga nanganganib na mga kabataan.
- Bigkasin ang Wilinton bilang: WILL-ing-ton.
- Bigksin ang Jaime bilang : hi-MEE
- Panoorin ang maikling YouTube video ni Wilinton bit.ly/Wilinton-IAD
- Download ang mga larawan para sa kuwentong ito mula sa Facebook: bit.ly/fb-mq.
- Ibahagi ang Mission Posts at Fast Facts mula sa Inter-American Division bit.ly/iad-2024.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

- Dapat malamang ang inilalarawan ng misyong kuwento ang sumusunod na layuning Seventh-day Adventist Church's "I will Go" Strategic plan Mission Objective No. 1. "To revive the concept of worldwide mission and sacrifice for mission as a way of live involving not only pastors but every church member young and old, in the joy of witnessing for Christ and making disciples," and Spiritual Growth Objective No. 5. "To disciple individuals and families into Spirit-filled lives", the Thirteen Sabbath projects illustrate Spiritual Growth Objective No. 6 "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview." For more information go to the website, IWillGo2020.org.

Mission Post

- The 1980s and 1990s were period of brutal political violence in Colombia. In some places, church members and pastors were kidnapped, tortured or forced to flee from their homes.

**Ang Bar Na Binili sa Pamamagitan ng Panalangin. - Colombia. - Agosto 31**

- *Adriana*

Eksperto si Adriana sa pagtatanim ng mga iglesia sa Colombia. Nakapatanim ang 35 na taong gulang na may-asawa at anak ng anim na iglesia sa loob ng 15 taon at handang tumulong sa pagtatanin ng ika-pitong iglesia sa mahirap na kabahayan sa katimugan ng Colombia sa malawak na kabisera nitong Bogota. Subalit parang walang sinomang nakakasumpong ng abot-kayang gusali sa pangunahing lokasyon doon.

Naitanim ang binhi para sa iglesia nang ipagkaloob ni Wilinton, isang dating maglalasing sa kabahayan doon, ang kanyang puso kay Jesus at sinimulan sa kanyang tahanan ang maliit na grupo para mag-aral ng Biblia. Lumago ang grupo sa kanyang tahanan at lumipat nang ilang beses. Ngayon nasa 50 tao ang sumasamba nang sama-sama tuwing Sabbath, at panahon na para magkaroon ng sambahang gusali para sa kanilang sarili.

Kaanib si Adriana ng ibang iglesiang nagnanais na tulungan ang kongregasyon ni Wilinton na magtanim ng iglesia. Limang gusali ang kanyang sinuri at walang siyang masumpungan.

Pagkatapos noon iminungkahi ni Wilinton ang bar na madalas niyang pinupuntahan dati bago siya nabautismuhan. Nasa mismong gitna ng kabahayan ang bar at ipinagbibili na ito. Subalit masyadong mataas ang halaga nito.

Nakipagkita si Adriana sa may-ari ng bar. Ipinaliwanag niyang hangad bilhin ng mga kaanib ng iglesia ang gusali subalit wala silang ganoon kalaking halaga.

“Maaari bang maghintay ka ng isang taon habang lumilikom kami ng pera” ang hiling niya.

Ayaw ng may-aring maghintay, at iniiling ang kanyang ulo. Nakiusap si Adriana na pagbigyan sila, subalit tumanggi ito. Gayonpaman, wika niya, “Kung ang plano’y mula sa Dios ang gusaling ito’y magiging inyo.”

Sina Adriana at mga kaanib ng iglesia’y nanalangin para sa tulong ng Dios at nagsimulang mangilak ng pera.

At isang potensyal na mamimili ang dumating at tiningnan ang gusali. Nagustuhan niya ang kanyang nakita, at pumayag na bilhin ito. Nag-alala ang mga kaanib ng iglesia kung mawawala sa kanila ang gusali. Nanalangin sila sa kalooban ng Dios. Umalis ang potensyal na bibili at hindi na bumalik para bilhin ito.

Nanatiling ipinagbibili ang gusali at panibagong mamimili ang dumalaw sa gusali at nag-alok na bibilhin ito. Parang magaganap na ang bilihan. Gayon paman muling nanalangin ang mga kaanib ng iglesia na mangyari ang kalooban ng Dios, at muli hindi na bumalik ang bibili nito.

Hindi maunawaan ng may-ari ng bar kung bakit hindi nabibili ang gusali. Ibinaba niya ang presyo nito. At muling ipinaba ang presyo. Subalit patuloy na hindi siya nakakasumpong ng bibili.

Nakumbinsi si Adriana na may panukala ang Dios na gawing sambahan ang bar at maging sentro ng impluwensya. Ang sentro ng impluewensya’y magtuturo ng kakayahang pangkabuhayan para sa mga tao sa komunidad at tulungan ang taong nagkikipaglaban sa alcohol.

Muling dinalaw ni Adriana ang may-ari ng bar. “Hindi mo ibebenta ang gusaling ito,” ang wika niya nang may katapangan. “Ibebenta mo ito sa amin dahil magiging lugar ito para tulungan ang komunidad at magbibigay luwalhati sa Dios.”

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Isang taon ang lumipas, at nakalikom ang mga kaanib ng iglesia ng sapat na pera upang bilhin ang gusali sa mas mababang presyo. Isang lider ng iglesia ang dumalaw sa may-ari upang isakatuparan ang pagbibili.

Nagpahayag ng pagluluwag ng kalooban ang may-ari na sa wakas maipagbibili na niya ang gusali. "Hindi ko nagawang ipagbili ang gusali ito dahil nanalangin ang mga Adventistang bilhin ito," ang wika niya.

Dalawang linggo ang nakaraan, naibenta ang gusali sa Iglesia Adventista. Ang huling ibinabang presyo'y kalahati sa market value/halaga ng bilihan ng kaparehang gusali sa mga kalapit na bahayan.

Ngayon, pinupuri ni Adriana ang Dios sa bagong iglesia at sentro ng impluwensya. "Lahat kami'y nanalangin para sa lugar na ito," ang wika niya. "Kapag ang Dios ay may panukala, walang sinomang makapagpapabago nito."

Ang misyong kuwento ang nagbibigay ng panloob na pananaw sa pamumuhay sa Colombia at mga hamon ng misyon doon. Tutulong ang bahagi ng Ikalabintatlong Sabadong Handog ngayong kwarter sa pagbubukas ng dalawang sentro ng impluwensya na tutulong sa mga batang nasa bingit ng alcohol at droga sa Colombia. Salamat sa inyong panukalang malaya at masaganang handog para sa Setyembre 28.

**Story Tips**

- Ipakita sa mapa ang Colombia. At pagkatapos ipakita ang Bogota kung saan nakatira si Adriana at ang syudad ng Buenaventura at Puerto Tejada kung saan tutulong ang Ikalabintatlong Sabadong Handog sa Center of Influence para sa mga nanganganib na mga kabataan.
- Bigkasin ang Wilinton bilang: WILL-ing-ton.
- Panoorin ang maikling YouTube video ni Adriana bit.ly/Adriana-IAD
- Download ang mga larawan para sa kuwentong ito mula sa Facebook: bit.ly/fb-mq.
- Ibahagi ang Mission Posts at Fast Facts mula sa Inter-American Division bit.ly/iad-2024.
- Dapat malamang inilalarawan ng misyong kuwento ang sumusunod na layunin ng Seventh-day Adventist Church's "I will Go" Strategic plan Mission Objective No. 1. "To revive the concept of worldwide mission and sacrifice for mission as a way of life involving not only pastors but every church member young and old, in the joy of witnessing for Christ and making disciples," and Spiritual Growth Objective No. 5. "To disciple individuals and families into Spirit-filled lives", the Thirteen Sabbath projects illustrate Spiritual Growth Objective No. 6 "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview." For more information go to the website, IWillGo2020.org.

Mission Post

- Colombia has the second-highest level of biodiversity in the world. Only Brazil, which is eight times the size of Colombia, has greater biodiversity.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

**Higit pa sa "Hello" (Pagkumusta) - Costa Rica. Setyembre 7**

- *Horlin*

Nakilala ni Harlin si Flor habang nagkasalubong sila sa kalsada. Bilang isang dating police officer, alam ni Harlin na handang magbenta si Flor ng kahit anong bagay para magkaperang pambili ng droga at alcohol.

Nakilala rin ni Flor si Harlin, Nanirahan ang dalawang babae na isang bloke lamang ang layo sa isa't isa sa isang bayan ng Costa Rica. Nagkukumustahan sila sa nakaraang mga taon, at wala nang ano pa man.

Sa araw na ito, nagkaroon ng hangaring bumati nang higit sa simpleng "Hello" si Harlin.

"Kumusta ka?" ang kanyang tanong, "Kumusta ang iyong buhay?"

"Lahat ay masama," ang tugon ni Flor nang may kalungkutan. Matamang tinitigan ni Harlin ang babae.

"Mayroon ka bang makakain ngayon?" ang tanong niya. Nagyuko ng ulo si Flor at nagsimulang umiyak. Papunta si Harlin sa tindahan, at nagpasyang bumili ng pagkain para kay Flor.

Sa daan pabalik sa tahanan pagkatapos ng tindahan, huminto siya sa bahay ni Flor at iniwan ang bag ng bigas, isang bag ng sitaw at dalawang pirasong karne ng manok,

Nang sumunod na araw, nakita ni Harlin ang kanyang pastor ng iglesia sa labas ng banko. "Mayroon akong kaunting pagkain rito," ang wika ng pastor, na binanggit ang isang bag na puno ng bigas, sitaw, mantika, harina at iba pang mga bagay-bagay. : "May kilala ka bang nangangailangan nito?"

"Oo," ang wika ni Harlin, "Mayroon akong kapitbahay na walang makain."

"Kunin mo ito at ibigay sa kanya," ang wika niya.

Inanyayahan ni Harlin ang pastor na samahan siya. "Sumama ka sa akin, at makikita mo kung saan siya naninirahan," ang wika niya.

Pumunta ang dalawa sa bahay ni Flor at ibinigay sa kanya ang mga pagkain. Labis ang pagpapasalamat ni Flor.

Habang nag-uusap sila, tinanong ni Harlin kung gugustuhin nitong mag-aral ng Biblia. Ipinahiwatig ni Flor na gusto niya.

Nang sumunod na araw, dumating si Halin para sa pag-aaral ng Biblia na may kasamang isang lalaki at tatlong babae mula sa kanyang iglesia. Masyadong sira-sira ang bahay ni Flor upang katagpuin sila sa loob, kaya umupo sila sa isang maliit na bakuran.

Pagkatapos noon, nagtatagpo ang grupo minsan sa isang linggo upang umawit at mag-aral ng Biblia. Gusto ni Flor na umawit at espesyal niyang kantahin ang awit na may mga salitang , "Give me a new heart."

Nagsimulang magbago ang puso ni Flor. Huminto siya sa pag-insulto at pananakit sa pamilya at sa kapitbahay na nagpagalit sa kanya. Ang kanyang lapastangang pananalita'y nagsimulang maging dalisay.

Sa dalawang buwang pag-aaral ng Biblia, nagsimula ang panahon ng tag-ulan sa Costa Rica at hindi na pwede na magpulong sa bakuran ni Flor na hindi mababasa.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Hinahanap-hanap ni Flor ang lingguhang pagpupulong at hinanap ang pakikisama ng mga kaanib ng iglesia ng Seventh-day Adventists nang araw ng Sabbath.

Walang sinoman nag-anyaya sa kanya sa iglesia.  Kusa siyang dumating sa sambahan.

Dalawang buwan ang lumipas, at tinanong ng pastor si Flor kung gusto niyang ibigay ang kanyang puso kay Jesus sa bautismo.

Nagustuhan niya ang tanong,  "Oo," ang wika niya.  "Walang nagtanong sa akin kung gusto kong magpabautismo."

Pagkaraan ng ilang sandali, lumubog si Flor sa tubig ng pagsisi.

Kilala ang reputasyon ni Flor sa buong bayan.  Kilala ng lahat ang kanyang pamumuhay.   Nakita ng taong bayan kung paano ito nagbago at namangha sa nakita nila masayang paglalakad nito pauwi ng tahanan pagkaraan ng kanyang bautismo.   Bawat tao'y humihinto upang yakapin at batiin siya.

Napakasaya ni Flor!   Hindi niya naranasang  yakapin sa nakaraang mga taon.    Ilang buwan pagkaraan ng kanyang bautismo, nanatiling matapat na Seventh-day Adventist sa Costa Rica.

"Ibinibigay ko ang pagpapasalamat sa Dios para sa aking bagong buhay," ang wika niya.  "Nagpapasalamat ako sa lahat na ginawa ng mga kaanib ng iglesia para sa akin."

Ibinibigay ni Harlin ang kredito sa Banal na Espirito para sa transpormasyon ng buhay ni Flor.

Naniniwala rin siyang ang Banal na Espiritu ang nag-udyok sa kanyang sabihin ang higit sa "hello" sa araw na walang pagkain si Flor.

"Dakila ang Dios," ang wika ni Harlin.  "Walang mahirap na hindi Niya kayang gawin."

Ang misyong kuwentong ito'y nagbibigay ng  panloob ng pananaw sa pamumuhay sa Costa Rica at pangmisyong hamon doon.  Tutulong  ang bahagi ng Ikalabintatlong Sabadong Handog  sa pagbubukas ng center of influence na magbabahagi ng pag-ibig ni Jesus sa mga batang nasa panganib  na matukso sa drogang pamumuhay at alcohol. Salamat sa inyong masaganang Ikalabintatlong Sabadong Handog ngayong Setyembre 28.

Story Tips

- Ipakita sa mapa ang Costa Rica.
- Panoorin ang maikling YouTube video ni Harlin:bit.ly/Harlin-IAD
- Mag-Download ng mga larawan para sa kuwentong ito mula sa Facebook:bit.ly/fb-mq.
- Ibahagi ang Mission Posts at Fast Facts mula sa Inter-American Division:bit.ly/iad-2024.
- Dapat malaman na ang misyong kuwentong ito'y naglalarawan ng sumusunod na layunin ng Seventh-day Adventist Church's  "I Will Go" Strategic plan Mission Objective No. 1. "To revive the concept of worldwide mission and sacrifice for mission as a way of life involving not only pastors but every church member young and old, in the joy of witnessing for Christ and making disciples," and  Spiritual Growth Objective No. 5.  "To disciple individuals and families into Spirit-filled lives",   the Thirteen Sabbath projects illustrate Spiritual Growth Objective No. 6 "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview."  For more information go to the website, IWillGo2020.org.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Mission Post

- Costa Rica’s first Adventist Congregations mainly formed along the Caribbean Coast, and many small congregations grew near train stops along the railroad.
- In 1928, the Costa Rica-Nicaragua Mission was established with four churches and 152 members.

**Ang Tunay na Kayamanan - Costa Rica. Setyembre 14**

- *Jahiquel*

Isang mahirap na batang lalaki si Jahiquel na naninirahan sa Costa Rica. Sa kanyang paglaki, wala siyang sapat na panustos. Subalit nang 16 taong gulang siya, nagsimula magsuot ng makapal na gintong kuwintas at mga gintong singsing.

Nagsuspetsa ang mga gang sa kalapit na bahayan. Ipinalagay ng gang lider, na ang palayaw, “The Devil” na maaaring may kaugnayan si Jahiquel sa mga droga nang walang siyang pahintulot. Pinagbilinan niya ang mga kaanib ng gang na kontakin si Jahiquel sa pamamagitang ng social media at tanungin, “Gawa ba sa tunay na ginto ang iyon kuwintas?”

Ipinagmamalaki ni Jahiquel na nagmamay-ari siya ng tunay na gintong alahas, at tuwirang sinagot niya ng, “Oo,” Batid niyang ang mensahe’y galing sa isang kaanib ng gang. Minsan naging bahagi siya ng gang, subalit umalis siya upang umanib sa ibang gang. Ngayon sa halip na nagbebenta ng droga, nagnanakaw siya sa mga tahanan, at nangingidnap ng mga tao para sa ransom. Binili niya ang kanyang gintong alahas mula sa kinita niya sa masamang gawain ng gang.

Mga ilang oras ang lumipas, ika-7 ng gabi, nakita ni Jahiquel ang mabilis na pagpapatakbo ng motorsiklo ng miyembro ng gang patungo sa kanya. Nakatayo si Jahiquel sa labas ng bahay ng lola, kung saan kararating lang niya upang doon matulog. Naglakad siya mula sa bahay ng ina, kung saan nanatili ng buong araw.

Naka-upo sa likuran ng miyembro ng gang ang kapatid nito. Laking takot niya nang makitang nagtaas ng 9mm handgun at nagsimulang magpaputok ang kapatid ng gang member. Nakilala niya ang baril. Ibinenta niya ito sa kapatid nito mga ilang buwan ang nakararaan.

Sa mabilisan at sunod-sunod na pagpapaputok walong bala ang tumama sa katawan ni Jahiquel: dalawa sa kanyang binte at lima sa kanyang dibdib at tiyan. Bumagsak siya lupa, takot na takot. Grabe ang kanyang pagkatakot na hindi nagawang sumigaw at kumilos. Mga isipin ang pumuno sa kanyang kaisipan. Naala-ala niya nang bata pa siya, tinuruan siyang manalangin at magbasa ng Biblia ng isang tiyahing Seventh-day Adventist. Napagtanto niyang nakagawa siya ng malaking pagkakamali nang sumama sa mga gang. Nanalangin siya, “Dios ko, patawarin mo ako.”

Parang tumigil ang oras, At pagkatapos narinig niyang umandar paalis ang motorsiklo. Isang kotse ang dumaan subalit hindi huminto. Lumabas ng bahay ang kanyang Lola at lumapit kay Jahiquel.

Dumating ang pangalawang kotse at huminto. Dalawang lalaki ang bumaba, isinakay si Jahiquel at dinala siya sa hospital.

Nagising si Jahiquel nang sumunod na araw mga ika-3 ng hapon. Nakakabit siya sa isang aparato upang tulungang siyang huminga. Mayroon siyang 23 mga tahi pababa hanggan sa kalagitnaan ng kanyang tiyan. Nalaman niyang muntik -muntikanang na siyang namatay. Ang mga Adventista mula sa iglesia ng kanyang tita ang nanalangin nang maraming oras para mabuhay siya. Ngayon, buhay na siya, at isa itong himala.

Mula sa araw na iyon, nagpasya siyang mabuhay para kay Jesus. Tatlong taon ang lumipas, nag-aaral si Jahiquel upang maging barbero. Kanyang isinasaysay ang kanyang kuwento sa mga kabataan, hinihikayat silang hanapin

ang kahulugan ng buhay sa pamamagitan ng Dios at hindi sa mga gangs. Hinihimok niyang puspusin ang kanilang mga kaisipan ng mabubuting mga bagay-bagay at manatiling malapit sa Dios.

Sa sariling buhay, pinagsisihan niyang pinuno niya ang kanyang kaisipan ng mga basura nang tinedger pa lang, at ngayon nagtitiwala siyang pupunuin ng Dios ito ng mabubuting mga bagay-bagay habang ginugugol niya ang kanyang panahon sa Biblia. Higit sa lahat, ang wika ni apostol Pablo, *"At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios. (Romans 12:2)*

"Gusto kong mag-isip ng mga magagandang mga bagay-bagay at ayaw ko nang alalahanin ang nakaraan." ang wika ni Jahiquel. "Ngayon nagbabasa ako ng Biblia tuwing umaga at tuwing gabi. Gumigising ako nang maaga upang manalangin. Isa itong proseso. Batid kong sa tulong ng Dios, malayo ang aking mararating."

Ang dalawang magkapatid na umatake sa kanya'y hindi kailanman nadala sa hustisya dahil hindi niya isiniwalat sa pulis ang mapagkakakilanlan sa kanila. Nanatili pa rin siyang naninirahan sa dating kalapit-bahayan at nauunawaan niyang pag ipinahuli niya sila malalagay sa panganib ang kanyang buhay, kanyang ina at kanyang lola.

At para sa kanyang gintong alahas, nawala niya ito sa araw na inatake siya. Hindi niya alam kung sino ang kumuha, at ipinagwalang-bahala na niya ito. Nasumpungan niya na ang tunay na kayamanan ay hindi naisusuot. Ang tunay na kayamanan ay kung sino ang nasa kanyang puso.

Ang misyong kuwentong ito'y nagbibigay ng panloob na pananaw sa pamumuhay sa Costa Rica at mga hamon sa misyon doon. Ang bahagi ng Ikalabintatlong Sabadong Handog ngayong kwarter ay tutulong sa pagbubukas ng center of influence na magbabahagi ng pag-ibig ni Jesus sa mga batang nanganganib tulad ni Jahiquel, na maimpluwensyahan ng droga at mga gangs sa Costa Rica, Salamat sa masagana ninyong panukala para sa handog ngayong Septyembere 28.

Story Tips

- Ipakita sa mapa ang Costa Rica.
- Bigkasin ang Jahiquel bilang JAY-kel
- Panoorin ang maikling YouTube video ni Jahiquel:bit.ly.Jahiquel-IAD
- Mag-download ng mga larawan para sa kuwentong ito mula sa Facebook:bit.ly/fb-mq.
- Ibahagi ang Mission Posts at Fast Facts mula sa Inter-American division:bit.ly/iad-2024
- Dapat malaman ang Ikalabintatlong Sabadong proyekto'y magbubukas ng isang center of influence para sa mga naguguluhang mga bata sa Costa Rica na sinisikap na matupad ang sumusunod ng layunin ng Seventh-day Advent Church's "I will Go" Strategic plan: Spiritual Growth Objective No. 6 "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview." For more information go to the website, IWillGo2020.org.

**Mission Post**

- Frank and Cora Hutchins were the first Adventist workers on the coast of Central American Caribbean in the late 19th and early 20th century. Frank worked as a dentist, colporteur, and pastor. At that time, the most effective means of transportation through the region was by boat, Frank rented a boat for his trips around

the Central American countries until he was able to buy a missionary schooner, which was named the Herald.

- As estimated 52 percent of Costa Ricans are Catholic, 25 percent are Protestant, 17 percent are of no religion and 6 percent are “other

**Nanalangin Para sa Tatlo** **- Costa Rica** **- Setyembre 21**

- *Stephanie*

Sa pasimula nag-usap sina Stephani at kanyang magiging asawa sa hinaharap, ng tungkol sa pagkakaroon ng pamilya sa kanilang bayang Costa Rica, napagtanto nilang magkatulad ang kanilang hangarin. Gusto nilang magkaroon ng dalawang biyolohikal na anak at mag-ampon ng ikatlong anak.

Limang taon pagkaraang makasal wala pa ring anak ang mag-asawa, Kaya nagpasya silang umampon ng isang sanggol.

Sinabi ng adoption agency sa kanilang hindi ito madali . Kailangan nilang maghintay dahil mahaba ang pila ng mga naghihintay, at walang garantiyang makatatanggap sila ng sanggol. Ang iniaalok na mga batang aampunin ay maaaring mga tindedger na.

Mga ilang buwan ang lumipas, nagdalangtao si Stephanie ng isang babae. Tatlong taon ang lumipas, nagsilang sila ng isang lalaki. Siyam na taon ang lumipas, at naala-ala nilang mag-asawa ang kanilang hangaring mag-ampon ng isa pang bata. Subalit sino? Kailan? Saan? At Paano?

"Walang problema, mananalangin ako," ang wika ni Stephanie sa kanyang asawa, "Hihingi ako sa Dios na paratingin sa ating tahanan ang bata sa halip na tayo ang maghanap para sa bata."

Nanalangin si Stephanie. At nakalimutan na niya ang tungkol dito.

Isang araw ng Sabbath, nag-alok ng pag-aaral sa Biblia sa isang bisitang dumating sa unang pagkakataon sa iglesia. Pumayag ang babae at nagwika, "Pumunta ka sa aking bahay. Ina ako ng sampu."

Iyon pala ang isang caregiver ang babae sa isang orphanage o bahay-ampunan. Ang bahay-ampunan ay binibuo ng 15 bahay na may tig-sasampung bata bawat bahay, Pinamamahalaan ng caregiver ang bawat bahay.

Nagtungo si Stephanie sa orphanage at nagbigay ng pag-aaral sa Biblia sa caregiver at sa kanyang 10 mga bata. Ibinigay ng caregiver ang kanyang puso kay Jesus at nabautismuhan.

Ang orphanage director, na nakita ang positibong epekto ng pag-aaral ng Biblia sa caregiver at sa kanyang trabaho, hiniling kay Stephanie na magbigay ng pag-aaral ng Biblia sa iba pang 14 na bahayan sa orphanage. Dinala ni Stephani ang kahilingan sa board ng iglesia, at nagpadala ang iglesia ng mga kaanib ng iglesia sa bawat bahay ng 14 na mga bahayan. Nadestino si Stephanie sa Bahay no. 7.

Ang labing-isang taong gulang na si Michelle ay nakatira sa House No. 7. Mula sa unang araw, nakuha ni Michelle ang atensyon ni Stephanie. Dinadala niya ang bag ni Stephanie. Masigasig siya at aktibo siya sa pag-aaral ng Biblia. Nagkaroon ng malapit na relasyon ang dalawa.

Sa kapahintulutan ng orphanage, dinala ni Stephanie sa evangelistic na pagpupulong at nabautismuhan siya. At nagsimulang magtanong ang batang babae, "Bakit hindi mo ako ampunin?"

Napaisip si Stephanie, "Bakit hindi ko siya ampunin?" Sa tahanan, sinabi niya sa kabiyak ang tungkol sa kanyang kahilingan. Nag-isip ang magkabiyak kung si Michelle ang batang kanilang ipinalangin na ampunin. Hiningi nila sa Dios ang kompirmasyon.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

At naala-ala ni Stephanie ang isang karanasan, na naganap mga tatlo o apat na taon ang lumipas, bago pa niya natagpuan si Michelle. Inanyayahan niya ang isang babaeng ibahagi ang kanyang personal na testimonya sa iglesia. Bumibisita ang babae sa iba't ibang iglesia upang sabihin ang kanyang kuwento tungkol sa pagpasok sa bilanguan, nawala ang kanyang anim na mga anak na napunta sa social services, at naging Adventista pagkatapos mapakinggan ang Adventist radio sa bilangguan. Hindi nakarating sa iglesia ni Stephanie ang babae, at wala nang nabalitaan si Stephanie tungkol sa babae.

Ngayong nagtataka si Stephanie kung ano ang nangyari sa babae. Tumingin siya sa social media at nalamang nilisan ng babae ang Adventistang iglesia. Habang kanyang ini-scrolled down ang timeline ng babae nakita niya ang larawan ni Michelle na may mga salitang, "My baby."

Nagulat si Stephanie. Ang babae ang ina ni Michelle sa orphanage.

Mga ilang araw ang nakalipas, nakita ni Stephanie si Michelle sa isang birthday party sa House No. 7. Sa panahon ng party, hiningi ni Michelle kung maaari niyang hiramin ang phone ni Stephanie, nagsasabing, "Gusto mo bang makita ang aking inay?" Nang tumango si Stephanie, nakita ng bata ang larawan ng kanyang ina sa online at ipinakita ito kay Stephanie. Ito ang babaeng inanyayahan ni Stephanie na magsalita sa kanyang iglesia.

Para kay Stephanie, lahat ito'y kompirmasyong kailangan niya. Nakumbinsi siyang ipinadala ng Dios si Michelle sa kanyang pamilya upang ampunin.

Nakipag-usap si Stephanie sa orphanage director tungkol sa adoption. Tiniyak niya sa director, na hindi niya alam na ang kanyang social mediang kaibigan ay ina ni Michelle nang una siyang pumunta sa orphanage. Tiniyak ng director na walang magiging problema kung hindi na niya muling kokontakin ang ina.

Sa maikling panahon, lumipat si Michelle sa kanyang bagong tahanan. 12 taon siya. Kakailanganin ang apat na taon para maging opisyal ang pag-aampon sa kanya, subalit hindi na ito mahalaga. Nasa tahanan na siya.

Ngayon, wala nang hihigit pa sa kasiyahan ni Stephanie. Nagkatotoo na ang kanyang pangarap. Mayroon siyang dalawang biolohikal na anak at isang ampong anak na babae.

Ang misyong kuwentong ito'y nagbibigay ng panloob na pananaw sa pamumuhay sa Costa Rica at mga hamon sa misyon doon. Ang susunod na Ikalabintatlong Sabadong Handog ay tutulong sa pagbubukas ng center of influence kung saan maibabahagi ang pag-ibig ni Jesus sa mga batang nanganganib kasama na ang mga ulila.

Story Tips

- Ipakita sa mapa ang Costa Rica.
- Panoorin ang maikling YouTube video ni Michelle:bit.ly.Jahiquel-IAD
- Mag-download ng mga larawan para sa kuwentong ito mula sa Facebook:bit.ly/fb-mq.
- Ibahagi ang Mission Posts at Fast Facts mula sa Inter-American division:bit.ly/iad-2024
- Dapat malamang ang misyong kuwentong ito'y naglalarawan ng sumusunod na layunin ng Seventh-day Advent Church's "I will Go" Strategic plan: Mission Objective No. 1, "To revive the concept of worldwide mission and sacrifice for mission as a way of life involving not only pastors but every church member,

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

young and old, in the joy of witnessing for Christ and making disciples; Spiritual Growth Objective No. 6 "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview." For more information go to the website, IWillGo2020.org.

Fast Facts

- Costa Rica means "Rich Coast" in Spanish.
- On December 1, 1948, Costa Rica abolished its army. The budget previously used for military is now dedicated to providing health care services and education.

**Isang Bisita at Isang Panaginip. - 13th Sabbath Setyembre 28**

- *Erickson*

*May kuwento si Erickson na kakaunting tao lang ang nakarinig. Sinabi niya sa kanyang ina ang isang bahagi ng kanyang kuwento. Sinabi niya ang kanyang buong kuwento sa kanyang asawa. Hindi napakinggan kailanman ng kanyang tatlong anak na babae ang kanyang kuwento. Hindi rin napakinggan ng kanyang namayapang ama ang kuwento.*

*Si Erickson, na isang pastor at Seventh-day Adventist leader sa Costa Rica, ay atubiling ibahagi ang kanyang kuwento dahil sa takot na hindi nila paniniwalaan ito. Subalit pagkatapos ng ilang bilang na mga kamangha-manghang testimoniya habang tumutulong sa pangangalap ng mga pangmisyong kuwento para sa tremestreng misyon ngayon sa Costa Rica, isinaysay niya ang kanyang kuwento sa Adventist Mission. Kaya ngayong Sabbath, kabilang kayo sa unang makakarinig ng kaniyang buong kuwento. Ang kuwento'y nagpabago ng kanyang buhay. Ang kuwento ang naging dahilan ng pagiging Seventh-day Adventist niya.*

Mayroon lamang dalawang paaralan sa bayang kinalakihan ni Erickson sa Guatemala: isang pampublikong paaralan at ang Adventistang paaralan.

Pinag-aral si Erickson ng kanyang ama sa pampublikong paaralan para sa unang grado subalit hindi nakita ng batang lalaki ang kanyang guro sa buong taon. Nasa training ang guro, ang paliwanag ng principal ng paaralan. Kung minsan pumupunta ang principal sa silid-aralan ng nasa unang grado upang ibigay ang kanilang mga takdang aralin. Subalit walang sinomang nagtuturo ng math o spelling sa mga bata sa taong iyon. Sa kabutihang palad, natutunan ni Erickson ang mga asignaturang ito sa kindergarten kaya nagawa niyang makumpleto ang paminsan-minsang takdang aralin gawain. Gayonpaman, marami siyang kaklaseng bumagsak.

Nainis ang kanyang ama sa sistema ng paaralang publiko at pagkaraan ng taon iyon kanyang inilipat ang anak sa Adventistang paaralan para sa ikalawang grado. At sa lugar na iyan diyan niya natutunan ang tungkol sa Dios.

Bago matulog sa gabi, lumuluhod sa tabi ng kanyang kama si Erickson upang manalangin.

"Dios ko tulungan mo akong gumawa ng mabuting desisyon sa aking buhay," ang panalangin iya. "Tulungan mo ako sa paaralan. Tulungan mo ang aking pamilya at lalo na ang aking ama."

Mahirap ang pamilya, Nagtatrabaho bilang bus driver malayo sa tahanan ang ama at nakikita lamang ni Erickson ang ama ilang beses bawat taon. Sa kabila ng kanilang kahirapan, laging nagagawang maghanap ng pundo ang kanyang ama para pambayad sa edukasyon ni Erickson sa Adventistang paaralan.

Habang nanalangin si Erickson sa gabi, hinahangad niyang makita ang ama nang madalas.

"Protektahan ang bus na minamaneho ng ama at si Inay upang kumita siya ng pera para sa aming pangangailangan," ang panalangin niya, "Amen."

Isang gabi, nang 11 o 12 taong gulang si Erickson, pagkatapos manalangin humiga siya sa kanyang kama sa madilim na silid. Mulat ang mga mata, subalit wala siyang makitang anoman bagay sa kadiliman.

Nang walang ano-ano'y isang malamlam na liwanag ang lumabas sa kisame sa itaas ng kanyang ulo. Hindi ito ang bombilya, pinatay ito ni Erickson bago nanalangin. Liniwanagan ng ilaw ang silid. Hindi natakot si Erickson. Nakaramdam siya ng kapayapaan at ginhawa.

Nang biglang, isang kumikinang na nilalang ang humagibis mula sa ilaw patungong sahig. Nakita ni Erickson ang mga braso, binti, katawan at ulo. Subalit wala siyang nakitang mata, taynga, ilong, bibig, o anomang bahagi ng mukha. Ang ulo'y napapalibutan ng malamlam na liwanag. Ang nilalang ay nakaluhod sa lugar kung saan nanalangin ang bata sa tabi ng kama. Pinagdaop niya ang kanyang mga kamay at iniyuko ang ulo.

Nagmasid si Erickson, nagtataka kung ano ang susunod na mangyayari.

Karaniwang tumatagal ang panalangin ni Erickson nang lima o sampung minuto, subalit ang panalanging ito'y natapos nang mas mabilis. Nanalanging ang nilalang nang 60 hanggang 90 segundo. At pagkatapos tumayo at ipinatong ang isang kamay sa ulo ni Erickson at sa dibdib ang kabilang kamay. Napuspos ng kagalakan ang puso ni Erickson. Naguni-guni niyang nakita niya si Jesus.

Walang sinabi ang nilalang na anoman. Pagkatapos mahipo ang ulo at dibdib nang ilang segundo, tumayo't bumalik sa malamlam na liwanag, na patuloy na nagningning sa kisame, At nawala ang liwanag at muling bumalik sa kadiliman ang silid-tulugan.

Kapayapaan at ginhawa ang pumuspos kay Erickson. Nadama niya ang kagandahan sa silid. Mabilis siyang nakatulog.

Nang sumunod na araw, sinabi ni Erickson sa ina ang tungkol sa kanyang karanasan. Naramdaman niyang naging mas malapit siya kay Jesus kaysa sa nakaraan.

Subalit hindi riyan nagtatapos ang kuwento. Mga ilang buwan ang lumipas, nagkaroon ng panaginip si Erickson tungkol sa Sabbath. Pumunta siya ng sambahan sa araw ng Linggo simula nang musmos pa siyang bata, at nagpatuloy sa pagpunta roon upang mapasaya ang kanyang Ama. Sublit pagkatapos nagpatala sa Adventistang paaralan, nagsimula na rin siyang pumunta sa Adventistang iglesia sa araw ng Sabbath.

Sa panaginip, nakatayo si Erickson sa sambahan ng Ama sa oras ng pagsambang serbisyo. Nang karaka-raka, ang mga estatwa ng mga santo na nakalinya sa pader ng sambahan ay nagsimulang kumibo. Kumilos ang kanilang mga braso, at kumilos ang kanilang mga binti. Nagtatatawang hinabol nila ang takot-na takot na bata sa palibot ng sambahan. Nakikita ni Erickson ang ibang mga sumasasamba sa iglesia, subalit kumikilos silang parang walang kakaibang nagaganap.

Biglang-bigla, nakakita si Erickson ng pamilyar na ilaw na may malamlam na liwanag sa pintuan ng sambahan. Katulad ito ng liwanag na kanyang nakita sa kanyang silid tulugan mga ilang buwan na ang nakaraan.

Nakaramdam ng ginhawa si Erickson. Naramdaman niyang nasa malapit si Jesus at palapit na ang tulong.

Ang nilalang na nanalangin sa silid ni Erickson ay lumabas mula sa liwanag sa pintuan ng sambahan. Kinuha niya ang kamay ng batang lalaki at pinatnubayan siya palabas ng sambahan. Muli, nakita ng bata ang braso, binti, katawan at ulo, subalit hindi niya makita ang mga bahagi ng mukha.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

Nang nasa labas, tumayo ang nilalang sa pagitan ni Erickson at ng sambahan. Hindi umimik kahit ng isang salita. Sa halip, itinuro ang mga daliri patungo sa sambahan at inuga ito, at pinag-iingat ang bata na huwag nang sumamba roon.

Nang sumunod na umaga, hindi sinabi ni Erickson sa Ina ang kaniyang panaginip. Natatakot siyang baka sabihin ng Ina sa kayang Ama. Gusto ng tatay niyang magpari siya at natatakot siya sa reaksyon ng kanyang Ama.

Subalit pagkatapos ng panaginip, hindi na kailanman sumamba si Erickson sa araw ng Linggo. Naramdaman niyang pinapatnubayan siya ni Jesus sa landas na katuwiran, at gusto niyang sundin Siya. Ang Ama, na pumupunta lang sa sambahan kung pasko, at Mahal na araw hindi hiningi sa batang lalaki na bumalik sa kanyang iglesia.

Nasa isang taon pagkaraan ng panaginip, nagpasya si Erickson na ibigay ang puso kay Jesus at nagpabautismo. 13-taong gulang siya nang sumapi sa Seventh-day Adventist Church.

Ngayon, isa ng pastor si Erickson Bala at lider ng iglesia sa kanyang bayan sa Costa Rica. Nagpasya siyang wakasan ang kanyang pananahimik tungkol sa kanyang nakaraan bilang paala-ala ngayong Ikalabintatlong Sabadong na aktibo ang Dios sa misyon sa Inter-American Division, na kinabibilangan ng Costa Rica at Guatemala. Natatangi niyang hangaring malaman ng mga tao na ang Dios ay aktibong hinahanap ang mga puso ng mga bata at mga kabataan, kasama ang mga taong mabibiyayaan ng Ikalabintatlong Sabadong Handog. Ang bahagi ng handog ngayon ay tutulong sa pagbubukas ng center of influence upang ibahagi ang pag-ibig ni Jesus sa mga batang nasa panganib sa Costa Rica. Ang ibang proyekto ng Ikalabintatong Sabado ay kinabibilangan ng dalawang centers of influence na maabot ang mga batang nanganganib sa Colombia, dalawang centers of influence upang maabot ang nasa itaas na uri ng tao sa Mexico, at ang konstraksyon ng malaking elementaryang paaralan sa Dominica, Salamat sa inyong masaganang handog ngayon.

Story Tips

- Ipakita sa mapa ang Costa Rica.
- Mag-download ng mga larawan para sa kuwentong ito mula sa Facebook:bit.ly/fb-mq.
- Ibahagi ang Mission Posts at Fast Facts mula sa Inter-American division:bit.ly/iad-2024
- Dapat malamang ang proyekto ng Ikalabintatlong Sabado'y magbubukas ng center of influence para sa batang may problema sa Costa Rica na sinisikap na matupad ang sumusunod na layunin ng Seventh-day Advent Church's "I Will Go" Strategic plan: Spiritual Growth Objective No. 6 "To Increase accession, retention, reclamation, and participation of children, youth, and young adults", and Spiritual Growth Objective No. 7, "To help youth and young adults place God first and exemplify a biblical worldview." For more information go to the website, IWillGo2020.org.

Bago dumating ang 13$^{th}$ Sabbath

- Paalalahanan ang bawat isa na ang kanilangg misyong handog ay mga kaloob upang ipalaganap ang Salita ng Dios sa buong mundo at ang isang kapat na bahagi ng ating IKalabintatlong Sabadong Handog ay tutulong sa anim na proyekto ng Inter-American Division. Ang mga proyekto ay nakatala sa unahang pahina at sa likuran nito.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza

- Hindi kailangang sauluhin ang mga kuwento, gayonpaman kailangan ganap siyang pamilyar sa mga materyal upang hindi niya ito basahin.  Bilang kahalili, maaaring gampanan ng mga bata at katandaan  ang kuwento.
- Bago o pagkatapos ng kuwento, gumamit ng mapa upang ipakita ang mga bansa sa Inter-American Division - Colombia, Costa Rica, Dominica at Mexico – na tatanggap ng Ikalabintatlong Sabadong Handog.  Maaari kayong mag-download ng isang mission map na may mga proyekto sa Facebook sa bit.ly/fb-mq.

Fast Facts

- Nearly 90 percent of the butterfly species of Central America can be found in Costa Rica.  The country is home to about 18 percent of the world's butterflies.
- In 2012, the Costa Rican government gave special recognition to Calypso music as part of the country's cultural and historical identity.
- Rice and beans are included in nearly every Costa Rican meal, especially breakfast.  The national dish of Costa Rica is gallo pinto, which means "spotter rooster", and consists of rice and beans stir-fried together in a pan to create a speckled appearance.

Isinalin sa Tagalog ni Gng. Clemence B. Esperanza